



Planong Aksyon ng Magiliw-sa- Edad na Daly City 2025–2028

*“Ang magagandang kabataan ay mga aksidente
ng kalikasan, pero ang magagandang matanda
ay mga likhang sining”*

- Eleanor Roosevelt





Ehekutibong Buod

Noong Hunyo 25, 2020, pormal na itinalaga ng American Association of Retired Persons (AARP) at World Health Organization (WHO) ang lungsod ng Daly City na Lungsod na Magiliw-sa-Edad. Ito ay nagmamarka ng mga nagsisimulang hakbang sa Magiliw-sa-Edad na paglalakbay ng Daly City. Bilang pagpapakita ng paninindigan na maging bahagi ng Magiliw-sa-Edad na network, bumubuo kami ng isang planong aksyon na umaakto bilang isang dinamikong buhay na dokumento na pag-aari ng ating komunidad at kumakatawan sa ating mga pinahahalagahan at bisyon. Sa pagpapatupad nitong planong aksyon, umaasa kami na magtayo ng isang mas malakas na komunidad at panatilihin malusog ang mga mas matandang nasa hustong gulang, nakikisalamuha, at nabibigyan ng kaalaman upang hubugin ang ating komunidad at maging bahagi ng proseso ng paggawa ng desisyon.

Naniniwala ang Daly City na ang mga lungsod ay dapat na magiliw sa lahat ng edad. Dahil ang mas matandang populasyon ay dumarami, at batay sa aming magiliw-sa-edad na pamamaraan, gusto naming masiguro na isinasama ng ating Lungsod ang mga patakaran at pagbabago para sa ating mga residente at tinutugunan ang pagdami at pagkakaiba-iba ng ating populasyon ng mas matandang nasa hustong gulang.

Ang Daly City ay naninindigan sa pagiging Magiliw-sa-Edad na Komunidad. Ang aming hangarin ay pahasayin ang kalidad ng buhay at itaguyod ang kalusugan para sa lahat ng nasa hustong gulang, lalo na ang mga lampas na sa edad na 50. Ang Lungsod ay patuloy na mag-aalok at magpapahusay ng mga programang panlipunan, pang-edukasyon, at pangkalusugan. Tinutupad namin ito kasama ng maraming partner, kabilang ang mga kasamahan mula sa lahat ng kagawaran ng Lungsod at mga partner na ahensiya.

Habang tumataas ang inaasahang haba ng buhay, ang pangangailangan na siguruhin na ang ating Lungsod ay magiging isang magandang lugar upang tumanda ay tumataas din. Malinaw na ang persentahe ng matandang populasyon ng Daly City ay lumalaki; dahil dito, dapat tayong maging handang harapin ang mga hamon na dadalhin nito sa lipunan. Ang ating mga residente ay natutuwang hingan ng kanilang mga opinyon; ang Lungsod ay patuloy na mag-iimbita sa mga residente na manatiling sumusubaybay at lumalahok sa isang sumusulong na transpormasyon para sa ating mas matandang populasyon.



Umaasa kaming magbahagi ng mga pinakamahusay na gawain, mga aral na natutuhan, at ng mga oportunidad at hamon ng pagtatrabaho sa isang kapaligiran ng lungsod, Ang Daly City ay maraming kultura dahil sa ating iba't ibang pinagmulang bansa at natatanging pagkakakilanlan. Ang pagkakapantay-pantay ay maaaring mapahusay nang malaki sa pamamagitan ng mga oportunidad na nalikha at ipinagkakaloob. Lahat ng ating mas matandang nasa hustong gulang ay nagpapahalaga sa maraming serbisyong iniaalok, at tinatanggap namin at pinahahalagahan ang kanilang komento sa komunidad.

Ang planong aksyon na ito ay sumasalamin sa isang mapa ng daan na susundin ng ating Lungsod, ipapatupad at tatayahin habang sumusulong, at ang mga pagbabago ay gagawin upang bigyang-daan ang mga pangangailangan ng ating mga residente. Ang planong ito ay kakatawan sa isang positibong hakbang sa pagtukoy kung paano tayo naglalayong matupad ang mga aksyon na binalangkas natin at ipinangako sa plano.

Ang pisikal, panlipunan, at pangkulturang kapaligiran ay nakakaapekto nang malaki sa kung paano tayo namumuhay. Ang isang magiliw-sa-edad na lungsod ay isang lugar kung saan ang mas matandang mga tao ay patuloy na naninirahan sa kanilang mga sariling bahay at komunidad.

Ang planong aksyon na ito ay isang kulminasyon ng isang detalyadong proseso ng konsultasyon na nagsasama-sama sa mga tagapagkaloob ng serbisyo, inihalal na opisyal, tauhan ng Lungsod, at residente sa Daly City upang tukuyin kung paano natin patuloy na magagawa ang Daly City na isang kahanga-hangang lugar para manirahan, magtrabaho, at maglaro habang nasisiyahan sa pagtanda. Sa bisyon na ito, maaari tayong magkakasamang magtrabaho sa lahat ng kapitbahayan, lungsod, at county.

Talaan ng mga Nilalaman

5	Pangkalahatang-tanaw sa Magiliw-sa-Edad na mga Lungsod
6	8 Domain ng Pagiging Matitirahan at mga Halimbawa
10	Introduksyon sa Planong Aksyon
13	Domain 1: Mga Panlabas na Espasyo at Gusali
16	Domain 2: Mga Estratehiya sa Transportasyon
19	Domain 3: Pabahay
22	Domain 4: Paglahok na Panlipunan
25	Domain 5: Komunikasyon at Impormasyon
28	Domain 6: Paggalang at Pagsama sa Lipunan
31	Domain 7: Paglahok na Sibiko at Pagtatrabaho
34	Domain 8: Suporta sa Komunidad at mga Serbisyong Pangkalusugan
37	Domain 9: Mga Pang-emerhensiyang Serbisyo
	<i>Mga Appendix:</i>
40	A. Mga Magiliw-sa-Edad na Proyekto na Dapat Isaalang-alang
41	B. Mga Kasalukuyang Magiliw-sa-Edad na Gawain
53	C. Ang Lungsod ng Daly City
56	D. Pamahalaan ng Lungsod
58	E. Paglalarawan ng Demograpiko ng mga Residente ng Daly City
60	F. Index ng Pagiging Matitirahan
62	G. Paano Makikinabang ang mga Nakatatanda at Aktibong Nasa Hustong Gulang mula sa Pantay na Paglalaan ng Pagpopondo
63	Pagkilala
64	Mga Tagatulong

Pangkalahatang-tanaw:

MAGILIW-SA-EDAD NA MGA LUNGSOD

Ang konsepto ng kilusang “Magiliw-sa-Edad” ay unang binuo ng World Health Organization (WHO) sa pamamagitan ng isang proyektong pananaliksik upang suriin ang mga karanasan ng mas matandang mga tao na naninirahan sa mga lungsod. Ang resulta ng kanilang trabaho ay isang gabay na tumutukoy sa walong mahahalagang domain upang isama sa pagtatag ng isang Magiliw-sa-Edad na Lungsod. Ang WHO Global Network for Age-Friendly Cities and Communities ay inilunsad noong 2010 at kasalukuyang kinabibilangan ng 1,542 lungsod at komunidad sa 51 bansa, sumasaklaw sa higit sa 320 milyong tao sa buong mundo. World Health Organization (n.d.). Tungkol sa Global Network for Age-Friendly Network for Age-Friendly Cities and Communities. Age-Friendly World.¹

Ang network ay naglalayong bigyan ng kakayahan ang mga lungsod at komunidad sa buong mundo upang lalong maging magiliw-sa-edad sa pamamagitan ng pagbuo ng inobatibong mga patakaran, programa, at proyekto na nagpapakita ng batay-sa-ebidensiya na mga solusyon batay sa walong domain.





DOMAIN 1: **Mga Panlabas na Espasyo at Gusali**

Ang mga likas na kapaligiran at panlabas na kapaligiran sa isang lungsod ay gumaganap ng mahalagang tungkulin sa mobilidad, kalayaan, at kalidad ng buhay ng mga mas matandang nasa hustong gulang at kung paano aagpang sa kapaligirang iyon. Ang ilang napakahalagang katangian na masusubok sa domain na ito para sa Magiliw-sa-Edad na komunidad ay kinabibilangan ng:

- **Ang mga pampublikong panlabas na espasyo ay kailangang maging ligtas, malinis, at kasiya-siya.**
- **Ang mga pampubliko at pribadong gusali ay dapat na malinis, maayos na pinananatili, may ilaw at malugod na tumatanggap, nagkakaloob ng sapat na panloob at panlabas na mga tanda at malinis at magagamit na mga palikuran. Ang madaling magamit na mga elevator, rampa, at hagdan ay nakahanda.**
- **Ang mga luntiang espasyo ay maraming espasyong magagamit, at malinis, bilang karagdagan sa pagkakaroon ng komportableng panlabas na upuan.**
- **Magkaloob ng mga landas ng bisikleta at daanan ng naglalakad na nakahiwalay sa isa't isa.**
- **Ang mga tawiran ng naglalakad ay ligtas, lubos na naiilawan, at nagkakaloob ng sapat na mga oras ng pagtawid.**
- **Ang pagpapatupad at edukasyon sa trapiko ay pinakikinabangan ng lahat ng nagmamaneho at naglalakad.**

DOMAIN 2: **Transportasyon**

Kailangan ng mga residente ng abot-kaya, madaling gamitin, at maginhawang mga paraan ng transportasyon. Ang ilang napakahalagang katangian na masusubok sa domain na ito para sa Magiliw-sa-Edad na komunidad ay kinabibilangan ng:



- **Ang pampublikong transportasyon ay dapat na ligtas at abot-kaya, at ang mga rate ay dapat na nakikita.**
- **Ang pampublikong transportasyon ay dapat na madalas at maginhawa para magamit ng mga residente, at ang mga destinasyon ay marami, kabilang ang mga sentro ng komunidad, aklatan, tindahan ng groseri, tanggapang medikal at ospital, mga sentro ng pagbili, mga parke, at parmasya.**
- **Lahat ng paraan ng transportasyon ay malinis, pinananatili, at madaling gamitin.**
- **Ang mga serbisyong paghahatid ay makukuha ng mga taong may kapansanan.**
- **Ang mga driver ay magalang, matulungin, at sumusunod sa mga batas sa trapiko.**
- **Ang mga istasyon at tigilan ng trapiko ay kailangang malapit sa mga bahay.**
- **Ang impormasyon tungkol sa transportasyon ay madaling makuha at nakikita.**
- **Ang mga daan ay maayos na pinananatili, walang mga hadlang, at may muhusay na ilaw.**
- **Ang paradahan ay sapat, at ang lugar ng pagparada at pagbaba ay maginhawa.**

DOMAIN 3: **Pabahay**



Kailangan ng mga residente ng ligtas, abot-kaya, at maginhawa ang lokasyon na pabahay na malapit sa pampublikong transportasyon. Ang pabahay ay kailangan ding matagpuan sa malapit sa mga negosyo at mahahalagang serbisyo. Ang ilang napakahalagang katangian na masusubok sa domain na ito para sa Magiliw-sa-Edad na komunidad ay kinabibilangan ng:

- **Ang iba't ibang opsyon sa pabahay ay makukuha, tulad ng mga bahay ng isang pamilya, mga yunit ng maraming naninirahan, aksesory dwelling units (ADUs), mga yunit ng kondominyum, at mga pasilidad ng tinutulungang paninirahan.**
- **Mga opsyon sa bahay sa lahat ng antas ng kita.**
- **Iagpang at pahusayin ang pabahay para sa mas matandang mga tao at mga taong may kapansanan.**
- **Ang mga serbisyong pagpapanatili ay abot-kaya, at may mga kwalipikado at maaasahang mga tagapagkaloob ng serbisyo.**
- **Pagsasama ng komunidad na isinasama ang bahay para sa lahat ng edad at may panlahat na mga lugar ng pagtitipon upang makisalamuha.**
- **Nagkakaloob ng abot-kayang mga serbisyo upang bigyan ng kakayahan ang mga mas matandang nasa hustong gulang na manatili sa kanilang mga bahay.**

DOMAIN 4: **Paglahok na Panlipunan**



Ang mga mas matandang nasa hustong gulang ay may madaling magamit at abot-kayang mga oportunidad para sa interaksyong panlipunan at pagkonekta. Paglahok sa pangkultura, ispiritwal, at panlipunang event at mga aktibidad na tumutulong na panatilihin at linangin ang mga bagong relasyong panlipunan at nagkakaloob ng mga oportunidad para sa pagrelaks at paglilibang.

Ang ilang napakahalagang katangian na masusubok sa domain na ito para sa Magiliw-sa-Edad na komunidad ay kinabibilangan ng:

- **Madaling malahukan na mga event at aktibidad na abot-kaya.**
- **Maraming programa at aktibidad na tumutugon sa iba't ibang interes.**
- **Nagsasabi at naghahatid ng impormasyon upang itaguyod ang kamalayan sa mga event at aktibidad sa maraming paraan.**
- **Nagsusulong ng pagsama sa komunidad.**
- **Ang mga paaralan, aklatan, sentro ng komunidad, at parke ay nagagamit para sa mga pagtitipon.**
- **Nag-aalay ng maraming event at aktibidad upang makaakit ng magkakaibang populasyon, hinihimok ang paglahok ng mga taong may magkakaibang pinagdaanang pangkultura at edad.**

DOMAIN 5: **Komunikasyon at Impormasyon**



Ang mga mas matandang nasa hustong gulang ay kailangang manatiling konektado sa mga event at aktibidad sa kanilang komunidad at tumatanggap ng praktikal na impormasyon na mahalaga sa pagpapanatili ng magandang kalidad ng buhay. Ang ilang napakahalagang katangian na masusubok sa domain na ito para sa Magiliw-sa-Edad na komunidad ay kinabibilangan ng:

- **Magkaloob ng impormasyon sa maraming anyo (oral na komunikasyon, nakalimbag at elektronikong paghahatid).**
- **Nagkakaloob ng impormasyon sa maraming wika.**
- **Malawak na pamamahagi ng impormasyon na may isang sentralisadong lokasyon para sa madaling paggamit.**
- **Mga madalas na pagsasapanahon ng impormasyon.**
- **Ang nakalimbag na impormasyon para sa mga mas matandang nasa hustong gulang ay nagtataglay ng mas malaking font, at ang mga pulong ay kinabibilangan ng mga kapsiyon at teksto sa telebisyon na nasa mga biswal na pagpapakita.**
- **Paggamit ng publiko sa mga computer at sa internet na walang singil, o sa abot-kayang presyo.**

DOMAIN 6: **Paggalang at Pagsama sa Lipunan**



Kailangang maramdaman ng mga mas matandang nasa hustong gulang na sila ay kabilang at iginagalang sa kanilang mga komunidad. Ang mga interaksyon sa pagitan ng mga henerasyon at ang pagtanggap ng mga mas matandang tao sa lahat ng antas, anuman ang kasarian, lahi, katayuang pangkabuhayan, katayuan ng kalusugan, at kultura. Ang ilang napakahalagang katangian na masusubok sa domain na ito para sa Magiliw-sa-Edad na komunidad ay kinabibilangan ng:

- **Magagalang na tauhan sa pribado at pampublikong sektor.**
- **Itaas ang kamalayan sa diskriminasyon dahil sa edad.**
- **Pagsama-samahin ang mga henerasyon at ituro ang kahalagahan ng magkakasamang pagtatrabaho at pakikisalamuha.**
- **Ang mga opinyon ng mga mas matandang nasa hustong gulang ay mahalaga.**
- **Kilalanin ang mga mas matandang tao sa komunidad para sa at kasalukuyang mga kontribusyon.**
- **Pagsasamang pangkabuhayan.**



DOMAIN 7: **Sibikong Paglahok at Pagtatrabaho**

Ang mga tao ay nagtatrabaho hanggang sa mas matandang edad dahil sa mga epekto sa pananalapi. Marami, sa sandaling magretiro, ay nagboboluntaryo sa mga komunidad nang maraming taon. Ang ilang napakahalagang katangian na masusubok sa domain na ito para sa Magiliw-sa-Edad na komunidad ay kinabibilangan ng:

- **Maraming opsyon para sa mga mas matandang tao upang magboluntaryo sa mga lugar ng interes sa pribado at pampublikong sektor.**
- **Magturo at magkaloob ng pagsasanay upang palawakin ang mga kasanayan para sa mga mas matandang tao upang manatili at bumalik sa lakas paggawa.**
- **Magkaloob ng mga oportunidad para sa mga matandang tao upang magtrabaho nang part-time, pana-panahon o mula sa malayo.**
- **Bumuo ng patakaran at batas upang pigilan ang batay-sa-edad na diskriminasyon.**

DOMAIN 8: **Suporta at mga Serbisyong Pangkalusugan sa Komunidad**



Ang isang sapat na bilang ng mga serbisyong pangkalusugan at pangkomunidad ay mahalaga upang itaguyod, panatilihin, at ibalik ang kalusugan. Ang ilang mahahalagang tampok na dapat subukan sa domain na ito para sa Magiliw-sa-Edad na komunidad ay kinabibilangan ng:

- **Maraming magkakaibang serbisyong pangkalusugan.**
- **Pag-ugnayin ang paghahatid ng pangangalaga at pagkaloob ng impormasyon sa isang payak at maaaring pamahalaang paraan.**
- **Ang pang-emerhensiyang pagpapalano ng komunidad ay nagsaalang-alang sa mga mas matandang tao at mga taong may kapansanan.**
- **Magkaloob ng maginhawang mga serbisyong pangkalusugan, panlipunan at transportasyon sa mga entidad na ito.**
- **Ang mga tauhan ay magalang at matiyaga.**



Planong Aksyon

Ang Magiliw-sa-Edad na Planong Aksyon ay isang dokumentong sumasaklaw sa limang-taon na proseso ng pagtasa at pagkalap ng impormasyon, panayam sa mga miyembro ng komunidad, at pagbibigay ng prayoridad sa mga posibleng proyekto upang ipatupad at itatag ang isang Magiliw-sa-Edad na komunidad. Ito ay nagsisilbing isang mapa ng daan para sa mga komunidad upang bumuo ng mga inisyatibo upang gawin ang isang lungsod na mas mahusay na lugar upang tumanda nang matikas, umunlad, at maging independiyente.

Sa pagbuo ng isang Planong Aksyon, ang Lungsod ay nakipag-ugnayan sa mga residente nito sa maraming paraan. Sa una ay kumalap ang Daly City ng impormasyon sa pamamagitan ng limang nakapokus na grupo noong 2019 bago naging Sertipikadong Magiliw-sa-Edad. Ang isang nakapokus na grupo ay isinagawa sa pamamagitan ng Magiliw-sa-Edad na Puwersang Tagakilos ng Lungsod na binubuo ng mga tagapagkaloob ng serbisyo, mga miyembro ng komunidad, mga tauhan ng Lungsod, mga opisyal ng lungsod; ang isa ay sa mga matandang nasa hustong gulang na mga Filipino, at tatlong grupong kinakatawan ng tatlong magkakaibang pasilidad ng komunidad at paninirahan. (Task Force, Lincoln Park Community Center, Pilipino Bayanihan Resource Center [PBRC], Older Adult Parishioners sa St. Martin's Church, at Hillcrest Gardens).

Ang Daly City ay lumikha ng tatlong magiliw-sa-edad na proyekto mula sa inisyal na mga nakapokus na grupo noong 2019 at isinumite bilang bahagi ng aplikasyon sa pagkamiyembro upang samahan ang AARP Network of Age-Friendly States and Communities at ang World Health Organization Global Network of Age-Friendly Cities and Communities. Ang mga proyektong tinukoy at ipinatupad ay kinabibilangan ng:

Ang mga monitor ng telebisyon ay ikinabit sa lahat ng sentro ng komunidad na may channel na pangkomunidad para sa mga mas matandang nasa hustong gulang na may kapasidad ng live streaming upang manatiling nabibigyan ng kaalaman tungkol

INTRODUKSYON SA PLANONG AKSYON (ipinagpapatuloy)

sa mga darating na event, programang pang-edukasyon, at mga pulong ng Konseho ng Lungsod. Bilang karagdagan, ang website ng Daly City ay inayos upang isama ang lahat ng tagatulong para sa mga mas matandang nasa hustong gulang sa isang sentralisadong lugar. Ang Daly City ay bumuo rin ng isang malawak na gabay sa tagatulong para sa pamamahagi sa komunidad na nagkakaloob ng mga direktoryo mula sa Pilipino Bayanihan Resource Center (PBRC), Alliance for Community Empowerment (ALLICE), Healthy Aging Response Team (HART) at Help at librito ng Home na inilathala ng San Mateo Commission on Aging. Ang ikatlong proyekto ay para sa Lungsod upang magsagawa ng pulong tungkol sa abot-kayang bahay, isang isyu na nakakaapekto sa mga mas matandang nasa hustong gulang.



Pagkatapos tanggapin ang designasyon ng isang Magiliw-sa-Edad na Lungsod noong Hunyo 25, 2020, ang Daly City ay nagmungkahi ng Panukala Q, isang lokal na panukala para sa pagbangon at tulong upang magkaloob ng pang-emerhensiyang pagpopondo, na kabilang ang suporta sa mga serbisyo sa nakatatanda. Kinikilala ng Lungsod na ang lokal na populasyon nito ng nakatatanda at mahihinang residente ay nakadepende sa mga tagatulong ng Lungsod ngayon higit kailanman, tulad ng mga pagsusuri ng pagkain at kalusugan. Ang Panukala Q ay magpapanatili ng mga serbisyo at tiitiyak na ang mga mas matandang nasa hustong gulang sa komunidad ay tumatanggap ng paggalang, dignidad, at paglahok sa lahat ng aspeto ng hinaharap ng Lungsod. Ang pagpopondo ng Panukala Q ay iipinasa sa mga halalan ng Nobyembre 3, 2020, at ang Konseho ng Lungsod ay naglalaan ng \$500,000 taun-taon sa Mga Serbisyong Panlibangan na ispesipiko sa mga Aktibong Nasa Hustong Gulang/Nakatatanda. Ang unang mga paglalaan ng pagpopondo ay sumasaklaw sa dalawang bagong Full-Time Senior Specialist na mga posisyon, kinuha nong 2021 at suporta sa National Fitness Campaign-Fitness Courts. Ang Mga Serbisyong Panlibangan ay nakikipagtulungan din sa isang kasangguni upang padaliin ang haybrid na estratehikong proseso ng pagpapalano ng pagpapatakbo at bumuo ng dalawang cohort. Ang unang cohort ay tumingin sa \$25K sa pagpopondo na inilaaan para sa programa sa libangan at mga pagpapahusay ng programa. Sila ay lumikha at nangasiwa ng isang Survey sa Libangan sa pagitan ng Abril-Agosto 2022 na nagresulta sa mga napag-alaman na nagkaloob ng direksyon para sa mga tauhan upang pamunuan ang mga serbisyong panlibangan at tinukoy ang pangangailangan na tingnan ang mga serbisyo sa mga salamin ng equity. Ang ikalawang cohort ay lumikha ng Mga Gumagabay na Prinsipyo. Pananagutan, Magturo upang itaas ang kamalayan at paglahok, Paglaban sa Paghiwalay, Mga Pagpapahusay ng mga Pasilidad at mga pangangailangang Pangkalusugan. “It takes a Village” at Specific Systems Improvements na humantong sa kanilang trabaho sa pagtukoy sa mga paraan upang matiyak ang pagkakaiba-iba, pagkakapantay-pantay, at pagsasama ay natugunan sa buong mga serbisyo at programa nito.

Pinakahuli, ang Lungsod ay nagtrabahong kasama ng AARP upang lumikha at magpakalat ng pambuong-estadong survey upang matuto at kumalap ng

INTRODUKSYON SA PLANONG AKSYON (ipinagpapatuloy)

sa hindi natutugunang mga pangangailangan ng mga mas matandang nasa hustong gulang sa Daly City. Ang survey ay inanunsiyo Enero-Hunyo 2023 sa website ng Lungsod, Daly Wire, Daly News at Foghorn at sa kanilang mga plataporma sa social media: Facebook, Nextdoor, Instagram, at X (dating Twitter).

Bilang karagdagan sa online na akses, ang Kagawaran ng Aklatan at mga Serbisyong Panlibangan ay nagkaloob ng mga klinikang survey sa iba't ibang lokal na mga sentro ng komunidad, aklatan, at labas ng lugar na mga lokasyon sa loob ng Daly City upang suportahan ang mga residente sa pagpuno sa survey sa pamamagitan ng tulong sa computer o mga serbisyong pagsasalin ng wika. Ang akses sa survey sa webpage ng Lungsod ay nagbigay ng kakayahan sa mga miyembro ng komunidad upang tingnan at sagutan ang survey sa higit sa 100 wika.

Ang Center for Age-Friendly Excellence (CAFE) ay muling nagsagawa ng apat na nakapokus na grupo noong Nobyembre at Disyembre 2023. Ang mga tagapagkaloob ng serbisyo at residente mula sa mga sentro ng komunidad ay lumahok sa mga grupong ito. Ang mga malalim na talakayan na nakapokus sa pagtuklas ng hindi natugunang mga pangangailangan sa komunidad ng mas matandang nasa hustong gulang mula sa kanilang pananaw at CAFE ay nag-una sa mga ideya ng mga residente para sa mga posibleng proyekto upang tugunan ang mga pangangailangang ito.

Ang talakayan ng nakapokus na grupo kamakailan ay nagpokus sa lahat ng walong domain na may malawak na saklaw ng mga proyekto na ipapakita nitong planong aksyon sa bandang huli sa dokumento.

Ang isang kopya ng 2023 Age-Friendly Community survey at nakapokus na grupo ay nakalagay sa website ng Magiliw-sa-Edad na Daly City sa <https://www.dalycity.org/1062/Age-Friendly-Daly-City>

Ang planong aksyon na ito ay magsasama ng mga hangarin, estratehiya, at hakbang upang makamit ang mga hangarin, gayon din bilang mga partner na nananagot para sa hangarin ng walong domain na nakakategorya sa ilalim ng World Health Organization, kasama ang isang idinagdag na domain ng Daly City, na magsasama ng mga serbisyong pang-emerhensiya. Ang ilang hakbang sa aksyon ay magiging panandalian at makukumpleto sa susunod na dalawa hanggang tatlong taon. Ang ibang mga aytem ay nakapokus sa mas matagal na mga pangangailangan sa hinaharap, na mabubuo sa pamamagitan ng bagong teknolohiya at pag-unlad. Ito ay isang sumusulong na dokumento para sa Konseho ng Lungsod, mga tauhan, at manghahalal upang patuloy na magtasa at magbago upang magpakita ng mga patuloy na pangangailangan sa komunidad. Gagawin ng planong aksyon na ito ang Daly City na isang mas mahusay na lugar para sa lahat ng edad upang manirahan, magtrabaho, at maglaro.





Ang isang magiliw-sa-edad na komunidad ay dapat magkaroon ng panlabas na kapaligiran at mg pampublikong gusali na kaaya-aya, malinis ligtas, at malugod na tumatanggap. Ang pagkakaroon ng maraming panlabas na luntiang espasyo na may halaman at upuan na nagpapahintulot sa mga tao ng lahat ng edad na umupo, magsaya, at magrelaks.

“Dinadala ko ang aking mga apo sa parke at gusto kong malinis at ligtas ang mga parke at gusto kong makaupo at makapagrelaks.”

MGA RESULTA NG SURVEY

83% ng mga tumugon ay nagpalagay na napakahalaga o labis na mahalaga na magkaroon ng mga bangketa na nasa magandang kondisyon, ligtas para sa mga naglalakad, at magagamitan ng mga silyang de gulong o ibang mga aparato na tumutulong sa mobilidad.

82% ng mga tumugon ay nagpalagay na napakahalaga o labis na mahalagang magkaroon ng maayos na pinananatili at ligtas na mga parke.

69% ng mga tumugon ay nagpalagay na napakahalaga o labis na mahalagang magkaroon ng maayos na pinananatiling mga pampublikong gusali at pasilidad na madaling magamit ng lahat ng tao.

DOMAIN 1: **Mga Panlabas na Espasyo at Gusali**

HANGARIN: Magkaloob ng isang Ligtas at Madaling Maakses na Lungsod para Masiyahan at makagamit ang Lahat ng Edad



MGA ESTRATEHIYA

1 Itaguyod ang kaligtasan ng naglalakad sa mga mas matandang nasa hustong gulang at pahasayin ang ligtas at kaakit-akit na mga kapitbahayan sa komunidad.

- a. Makipagtulungan sa mga residente at mga partner sa komunidad upang matukoy ang mga bitak sa bangketa, basura sa paligid ng Lungsod at kung saan nahaharangan ang mga bangketa.

MGA PARTNER	MGA RESPONSABLENG TAUHAN	TAKDANG PANAHAON	METRIC
Mga Pampublikong Gawain Pulisya Republic Services SamTrans Mga Boluntaryo sa Komunidad	Mga Pampublikong Gawain	1-2 Taon	Kumpleto OO/HINDI

- b. Bumuo ng naglalakad na pagsusuri kung saan ang mga mas matandang residente ay gumagamit ng mga sangkap ng kaligtasan ng naglalakad na tulad ng mga tanda sa paghahanap ng daan sa paligid ng mga pampublikong gusali, itinataas ang font at ilaw upang itaas ang bisibilidad ng mahahalagang tanda ng kalye, nagpopokus sa ADA accessibility at posibleng pagpapahusay ng tawiran.

MGA PARTNER	MGA RESPONSABLENG TAUHAN	TAKDANG PANAHAON	METRIC
Public Works Caltrains Mga Boluntaryo sa Komunidad	Mga Pampublikong Gawain	1-2 Taon	Kumpleto OO/HINDI

2 Itaguyod ang edukasyon tungkol sa kaligtasan ng naglalakad

- a. Turuan ang mga miyembro ng komunidad tungkol sa programang Vision Zero, Safe Streets Save Lives, at magkaloob ng mga workshop na may kaugnayan sa kaligtasan ng kotse, bisikleta, at naglalakad.

MGA PARTNER	RESPONSIBLE STAFF	TAKDANG PANAHAON	METRIC
Mga Paaralan Mga Boluntaryo sa Komite sa Pagpapayo sa Bisikleta at Naglalakad	Public Works, City Manager's Office	1-2 Taon	Kumpleto OO/HINDI



HANGARIN: Magkaloob ng isang Ligtas at Madaling Maakses na Lungsod para Masiyahan at makagamit ang Lahat ng Edad

MGA ESTRATEHIYA (Ipinagpapatuloy)

- 3** Gamitin ang mga parke upang itaguyod ang mga oportunidad sa programa at ehersisyo, bilang karagdagan sa pagkakaloob ng nakakarelaks na atmospera.
- a. Itaas ang kamalayan sa mg fitness court ng National Fitness Campaign.
 - b. Tukuyin ang mg lugar kung saan ang mga karagdagang bangko ay maiiinstala ng Lungsod.
 - c. Himukin ang pagsasama ng magiliw-sa-edad na kagamitan kapag nagbabago ng yari ng mga parke.

MGA PARTNER Mga Boluntaryo sa Komunidad ng Komisyon sa Libangan	MGA RESPONSABLENG TAUHAN Mga Serbisyong Panlibangan, Mga Pampublikong Gawain	TAKDANG PANAHO 1 Taon/ Patuloy	METRIC Kumpleto OO/HINDI
---	--	--	------------------------------------





Ang isang magiliw-sa-edad na komunidad ay dapat magkaroon ng madaling magamit at abot-kayang pampubliko at ayon sa pangangailangan na mga opsyon sa transportasyon. Ang mga mas matandang nasa hustong gulong sa Daly City ay labis na umaasa sa kanilang mga kotse, pero habang tumatanda sila, mas mahirap para sa kanila na manatiling independiyente, at kailangan nila ng ibang mga opsyon upang tulungan sila sa pagpunta sa gustong puntahan sa lungsod. Ang pagtuturo ng mobilidad ay kailangan upang magkaloob sa mga residente ng mga opsyon upang kumonekta sa mga serbisyong makukuha sa komunidad.

“Kailangan nating magkaroon ng mas madaling magamit na transportasyon; wala akong paraan upang pumunta sa tindahan ng groseri o sa sentro ng komunidad.”

MGA RESULTA NG SURVEY

86% ng mga residenteng tinanong ay nagmamaneho, sinundan ng mga gumagamit ng pampublikong transportasyon, umaasa sa iba upang ihatid sila, gumagamit ng kompanya ng pagsakay na tulad ng Uber o Lyft.

80% ng mga residente ay nagpalagay na ang pampublikong transportasyon ay madaling magamit at maginhawa.

65% ng mga residente ay nagpalagay na napakahalaga o labis na mahalaga na magkaroon ng mga ligtas na tigilan at malilinis na lugar ng paghihintay.

OVER 90% ng mga residente ay nagpalagay na napakahalaga o labis na mahalaga na magkaroon ng madaling nabasa ng mga tanda ng trapiko, mga ligtas na interseksyon, maayos na pinananatiling mga kalye, at pinatutupad na mga limitasyon sa tulin.

DOMAIN 2: **Transportasyon**

HANGARIN: Pahasayin ang mga opsyon sa mobilidad para sa mga mas matandang nasa hustong gulang at ipatupad ng kaligtasan sa trapiko.



MGA ESTRATEHIYA

- 1** Humimok ng iba't ibang mga opsyon sa transportasyon at turuan ang mga residente ng tungkol sa makukuhang tagatulong sa transportasyon.
 - a. Magturo at magtatag ng mga solusyon upang itaas ang bilang ng mga estudyanteng gumagamit ng “Got Wheels Program” sa pamamagitan ng Peninsula Family Services.
 - b. Turuan ang mga residente ng tungkol sa Redi-Wheels.
 - c. Tiyakin ang mga komunikasyon sa mga residente tungkol sa Bayshore shuttle. [www.dalycity.org/509/ bayshore-shuttle-changes-June-24-2021](http://www.dalycity.org/509/bayshore-shuttle-changes-June-24-2021)
 - d. Tingnan at tayahin ang karagdagang abot-kayang mga opsyon na mahihingi. Halimbawa, VIA: ridewithvia.com
 - e. Ipamahagi ang libro ng tagatulong sa transportasyon ng SamTrans sa paraang elektronikal at sa papel sa mga sentro ng nakatatanda at libangan. www.samtrans.com/media/8381/download?inline
 - f. Magkaloob ng mga klase sa teknolohiya sa mga opsyon na ride-share.

MGA PARTNER

**SamTrans
Economic Development
Youth Advisory
Bicycle Pedestrian
Advisory Committee
Mga Residente ng
Komunidad
Daly City Partnership**

MGA RESPONSABLENG TAUHAN

**Mga
Pampublikong
Gawain,
Pagpapaunlad
ng Ekonomiya at
Komunidad, Mga
Serbisyong
Panlibangan**

TAKDANG

PANAHAON

**6 na
buwan
hanggang
1 Taon**

**METRIC
Kumpleto
OO/HINDI**

- 2** Humanap ng mga paraan upang makipagtulungan sa mga lokal na serbisyong transportasyon.

- a. Makipagtulungan sa ride-share sources upang tasahin ang mga lugar upang magdagdag ng mga sona ng pick up para sa ligtas at madaling paggamit. Halimbawa isang sona ng pick-up at drop-off sa Serramonte Center.
- b. Tayahin ang posibilidad ng pagdagdag ng isang shuttle service na naghahatid sa mga residente sa mga event sa Lungsod at mga sentro ng komunidad ng nakatatanda; linawin ang mga lugar na paglilingkuran at magsagawa ng mga pulong ng komunidad upang magmungkahi ng mga posibleng solusyon.
- c. Tumulong sa pamamagitan ng mga Clipper card, mga bagong programa sa bisikleta, at patuloy na mag-alay ng mga refresher driver course para sa mga mas matandang nasa hustong gulang.
- d. Tasahin ang posibilidad ng pagbuo ng isang sistema ng boluntaryo sa transportasyon upang maghatid ng kailangang mga ayem sa mga taong namamalagi sa bahay, magtatag ng isang organisasyon ng village.

DOMAIN 2: **Transportasyon**



HANGARIN: Pahusayin ang mga opsyon sa mobilidad para sa mga mas matandang nasa hustong gulang at ipatupad ng kaligtasan sa trapiko.

MGA ESTRATEHIYA (ipinagpapatuloy)

MGA PARTNER Public Works SamTrans On-Demand Car Services Bicycle Pedestrian Advisory Committee Commute.org Faith Based Organizations Community Members Daly City Partnership Serramonte Center	MGA RESPONSABLENG TAUHAN Mga Pamublikong Gawain	TAKDANG PANAHOON 1-2 Taon/ Patuloy	METRIC Kumpleto OO/HINDI
---	--	---	---

3 Ipatupad ng mga batas sa trapiko at pahusayin ang kaligtasan sa trapiko.

- a. Itaas ang pagpapatupad ng pulis at isama ang teknolohiya upang maayos ang ilang tungkulin upang malampasan ang mga kakulangan sa tauhan.

MGA PARTNER Pulisya	MGA RESPONSABLENG TAUHAN Pulisya	TAKDANG PANAHOON 6 na Buwan hanggang 1Taon	METRIC Kumpleto OO/HINDI
--------------------------------------	---	---	---

Got Wheels!

Peninsula Family Service Affordable taxi service on demand 24/7



Ang Magiliw-sa-Edad na mga komunidad ay dapat magtaglay ng pabahay na abot-kaya, ligtas, at maginhawang matatagpuan malapit sa pampublikong transportasyon, negosyo, mga opsyon na pangkalusugan, at akses sa mga serbisyo. Ang pagpapanatili at paggawa ng pagbabago ng bahay ay mahalaga upang mabigyan ng kakayahan ang mga tao na mamalagi sa kanilang mga bahay. Ang pangangalaga ng kasalukuyang ligtas na mga istraktura ng bahay at paglikha ng mga bagong abot-kayang yunit ng bahay ay napakahalaga. Ang County ng San Mateo ay may pinakamataas na halaga ng pamumuhay sa estado ng California para sa mga nakatatanda na nangungupahan o nagmamay-ari ng mga bahay alinsunod sa isang pag-aaral na isinagawa ng UCLA (*Federal Poverty Guideline Underestimates Costs of Living for Older Persons in California, 2008*).

“Ang pananatili sa aking bahay ay mahalaga; napakamahal na lumipat.”

MGA RESULTA NG SURVEY

73% ng mga residente ay nagpalagay na mahalagang magkaroon ng taong nagseserbisyo na mapagkakatiwalaan at makakagawa ng may-kalidad na mga pagpapabuti sa isang makatwiran at abot-kayang presyo para mapanatili at makatigil ang mga tao sa kanilang mga bahay.

78% ng mga residente ay gusto ng isang bahay na magpapahintulot sa kanila na mamuhay nang independiyente habang sila ay tumatanda.



HANGARIN: Upang magkaloob ng mga tagatulong sa mga residente upang tumanda sa lugar isama ang mga patakaran at proyekto na nag-aalay ng abot-kaya at ligtas na pabahay.

MGA ESTRATEHIYA

- 1** Magkaloob, magturo, at mamahagi ng impormasyon upang itaas ang kamalayan sa makukuhang abot-kayang mga opsyon sa pabahay at itaguyod ang paghahalo ng iba't ibang opsyon sa pabahay.
 - a. Magsagawa ng mga workshop na tumutulong sa mga residente sa magpatala para sa abot-kayang pabahay.
 - b. Turuan ang mga residente tungkol sa mga makukuhang tagatulong sa pabahay
 - i. hiphousing.org o tumawag sa 650-348-6660.
 - ii. smc.housingbayarea.org
 - iii. Bumuo ng isang listahan ng makukuhang mga yunit ng ADU at mag-alok ng mga workshop upang tulungang maturuan ang mga may-ari ng bahay sa proseso ng pagtatayo ng mga ADU.

MGA PARTNER

HIP Housing
San Mateo County
Department of Housing
Project Homekey
Daly City Partnership

MGA RESPONSABLENG
TAUHAN
Economic &
Community
Development

TAKDANG
PANAHON
Patuloy

METRIC
Kumpleto
OO/HINDI

- 2** Bumuo ng isang listahan ng pinagkakatiwalaang handyperson at mga tagapagkaloob ng pagkukumpuni ng bahay.

- a. Mga programa sa Rehabilitasyon ng Bahay: smcgov.org/housing-repair-programs
- b. Home modifications: rebuildingtogether.org
- c. Housing accessibility modification (HAM):
cidsanmateo.org/services/housing-aksesiblility-modification.php

MGA PARTNER

San Mateo County
Department of Housing
Chamber of Commerce

MGA RESPONSABLENG
TAUHAN
Economic &
Community
Development

TAKDANG
PANAHON
1 Taon/
Patuloy

METRIC
Kumpleto
OO/HINDI



HANGARIN: Magkaloob ng mga tagatulong sa mga residente upang tumanda sa lugar at isama ang mga patakaran at proyekto na nag-aalay ng abot-kaya at ligtas na pabahay.

MGA ESTRATEHIYA (Ipinagpapatuloy)

3

Tiyakin na ang mga mas matandang nasa hustong gulang ay may pagkakataon upang lumahok sa pagpapalano ng hinaharap.

- a. **Mag-alay ng mga workshop na nagpapahintulot sa mga residente na magkaloob ng komento sa mga isyu sa pabahay.**
- b. **Palahukin ang mga mas matandang nasa hustong gulang kapag tinatalakay ang Elemento ng Pabahay at mga patakaran sa pabahay.**

MGA PARTNER
Komisyon sa
Pagpapano

MGA RESPONSABLENG
TAUHAN
Economic &
Community
Development

TAKDANG
PANAHOON
1 Taon/
Patuloy

METRIC
Kumpleto
OO/HINDI

*** Mangyaring sumangguni sa Appendix A para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga posibleng proyekto.*



Paglahok na Panlipunan



Ang isang magiliw-sa-edad na komunidad ay sumusuporta at humihimok ng interaksyon ng tao at nagbabantay laban sa pagiging nag-iisa. Ang mga residente ay maaaring maging bahagi ng kanilang komunidad at magpanatili ng mga koneksyon sa ibang mga tao. Ang abot-kaya, madaling makuha, nagsasama, at pangmaraming henerasyon na mga aktibidad ay makukuha. Alinsunod sa Pagpapayo ng Pangkalahatang Siruhano, si Pangkalahatang Siruhano ng U.S. Dr. Vivek Murthy ay nagbabala ng tungkol sa krisis na ipinakikita ng pag-iisa at paghiwalay sa mga Amerikano. (*Our Epidemic of Loneliness and Isolation*, 2023)

MGA RESULTA NG SURVEY

76% ng mga tumugon ay nagpalagay na napakahalaga o labis na mahalagang magkaroon ng mga lugar ng aliwan na maginhawa ang lokasyon.

70% ng mga tumugon ay nagpalagay na napakahalaga o labis na mahalaga na magkaroon ng iba't ibang mga aktibidad na pangkultura para sa iba't ibang populasyon.

69% ng mga tumugon ay nagpalagay na napakahalaga o labis na mahalagang magkaroon ng mga aktibidad na partikular na idinisenyo para sa mga mas matandang nasa hustong gulang.

“Ang pagpunta sa sentro ay nagdadala ng katuwaan pabalik sa aking buhay pagkatapos makulong sa aking bahay.”

DOMAIN 4: **Paglahok na Panlipunan**



HANGARIN: Magkaloob ng Abot-kaya, Madaling Makuha, Nagsasama na mga Aktibidad para sa Pakikisalamuha.

MGA ESTRATEHIYA

1 Palawakin ang mga programang makukuha: mga aktibidad na panlibangan, mga field trip, mga workshop na pang-edukasyon, mga event na pangmaraming henerasyon.

- Mag-survey sa mga residente para sa mga aktibidad na sila ay interesado
- Magsagsawa sa komunidad ng personal at online na mga natatanging event para kumonekta ang mga tao.
- Magsaliksik at isaalang-alang ang Magical Bridge Playground, na nag-aalay ng mas nagsasamang palaruan na sumasalamín sa kilusan patungo sa pagsasama ng lahat ng edad at kakayahan.

MGA PARTNER

Aklatan ng mga
Serbisyong
Panlibangan
Mga Lider sa Komunidad
Faith Based Organizations
Magical Bridge Foundation
Daly City Partnership

MGA RESPONSABLENG TAUHAN

Aklatan ng mga
Serbisyong
Panlibangan

TAKDANG PANAHO

**1 Taon/
Patuloy**

METRIC Kumpleto OO/HINDI

2 Magkaloob ng transportasyon upang ayusin ang pagdalo.

- Isaalang-alang ang paghahanda sa transportasyon para sa natatangi at mahalagang event sa Lungsod.
- Mag-alay ng mga oportunidad para sa mga field trip upang makita ang mga aktibidad at lugar sa labas ng Daly City.
- Himukin ang mga residente upang subukan ang ibang mga aktibidad ng kapitbahayan at mga event sa labas ng kanilang pangunahing komunidad.

MGA PARTNER

SamTrans
Caltrans
Economic & Community
Development
Chamber of Commerce
Recreation Services
Businesses
Small Business
Commission
Daly City Partnership

MGA RESPONSABLENG TAUHAN

Mga Serbisyong
Panlibangan

TAKDANG PANAHO

**6 na
Buwan
Hanggang
1 Taon**

METRIC Kumpleto OO/HINDI

DOMAIN 4: **Paglahok na Panlipunan**

HANGARIN: Magkaloob ng Abot-kaya, Madaling Makuha, Nagsasama na mga Aktibidad para sa Pakikisalamuha.



MGA ESTRATEHIYA (Ipinagpapatuloy)

3 **Tiyakin na ang komunikasyon tungkol sa mga aktibidad at event, gumamit ng iba't ibang mga lugar at wika.**

- Ikalat ang mga materyal gamit ang malalaking font, kabilang ang mga detalye tungkol sa mga opsyon sa pasilidad at transportasyon.**
- Makipagtulungan sa mga mataas na paaralan upang mag-alay ng mga teknikal na klase upang itaas ang interpersonal na ugnayan at akses sa impormasyon.**
- Ipatupad ang hindi pabagu-bagong pakikipag-ugnayan sa mga tao na nanganganib mag-isa.**

MGA PARTNER

Mga Paaralan
Aklatan ng mga
Serbisyong
Panlibangan
Local Businesses
Fire
Pulisya
Youth Advisory Committee
Daly City Partnership

MGA
RESPONSABLENG
TAUHAN
Mga Serbisyong
Panlibangan,
Aklatan

TAKDANG **PANAHON**

6 na Buwan
Hanggang
1 Taon

METRIC
Kumpleto
OO/HINDI



Komunikasyon at Impormasyon



Ginagawa ng isang magiliw-sa-edad na komunidad na makukuha at nakahanda ang impormasyon sa lahat ng edad at nagsasama. Ang impormasyon ay ipinagkakaloob sa pamamagitan ng print at sinasalitang mga form sa maraming wika at nakahanda online upang madaling makuha. Dahil hindi lahat ay may smartphone, WiFi connection, o komportable sa teknolohiya; ang pamamahagi ng impormasyon ay nagsasama ng iba't ibang lokasyon, lugar, at publikasyon.

“Ang impormasyon ay mahalaga upang maabot ang mga hindi online.”

MGA RESULTA NG SURVEY

73% ng mga tumugon ay nagmarka sa komunidad bilang mahusay o napakahusay sa pagkakaroon ng libreng akses sa mga computer at internet sa mga pampublikong lugar na tulad ng aklatan, sentro ng nakatatanda, mga gusali ng pamahalaan.

61% ng mga tumugon ay nagmarka sa komunidad bilang mahusay hanggang napakahusay sa pagkakaloob ng impormasyon sa komunidad sa isang sentral na pinagkukunan.

58% ng mga tumugon ay nagmarka sa komunidad bilang mahusay hanggang napakahusay sa pagkakaloob ng impormasyon sa maraming magkakaibang wika.



HANGARIN: Gawin ang impormasyon tungkol sa mga aktibidad at tagatulong na nakahanda at madaling makuha gamit ang maraming lugar at wika.

MGA ESTRATEHIYA

1 Iugnay ang malawak at regular na pamamahagi ng impormasyon na makukuha gamit ang iba't ibang mga lugar at ialay sa maraming wika; magkaloob ng sentralisadong akses sa impormasyon.

- a. Bumuo ng malawak na gabay sa tagatulong para sa pamamahagi sa komunidad.
- b. Itaas ang kamalayan sa mga kasalukuyang programa at event sa pamamagitan ng online at papel na pamamahagi. (mga detalye sa Appendix: B)
 - i. Tiyakin na ang mga materyal sa pag-abot ay makukuha sa maraming wika.
 - ii. Mag-alay ng pagsasalin ng wika para sa mga pulong ng Konseho ng Lungsod.
- c. Muling bumisita gamit ang mga papel na kopya para sa mga programang panlibangan, mga aktibidad, at ginaganap.

PARTNERS City Staff Recreation Services Library Schools Local Businesses Chamber of Commerce Medical Centers Churches Non-Profit Organizations	RESPONSIBLE STAFF City Staff	TAKDANG PANAHON 1 Taon/ Patuloy	METRIC Kumpleto OO/HINDI
--	--	--	---------------------------------------

2 Itaas ang kakayahang gumamit ng mga computer, WiFi, at mga klase sa teknolohiya.

- a. Hayaan ang mga estudyante ng lokal na mataas na paaralan na magkaloob ng mga klase sa teknolohiya para sa mga mas matandang nasa hustong gulang.
- b. Itaguyod ang kamalayan na ang mga miyembro ng komunidad ay makakagamit ng mga Chromebook o tablet sa mga Sentro ng Komunidad o Aklatan kapag kailangan; ang War Memorial ay may malaking silid ng computer na magagamit.
- c. Gamitin ang ARPA (American Rescue Plan Act) upang mag-instala ng WiFi sa Gellert Park Clubhouse.



HANGARIN: Gawin ang impormasyon tungkol sa mga aktibidad at tagatulong na nakahanda at madaling makuha gamit ang maraming lugar at wika.

MGA ESTRATEHIYA (ipinagpapatuloy)

MGA PARTNER Aklatan Recreation Services Schools Community Centers Daly City Partnership	MGA RESPONSABLENG TAUHAN Aklatan, Mga Serbisyon Panlibangan	TAKDANG PANAHO 1 Taon/ Patuloy	METRIC Kumpleto OO/HINDI
--	--	---	---

3 Baguhin at palawakin ang pahina ng Magiliw-sa-Edad sa website ng Lungsod.

- Ilagay ang lahat ng tagatulong sa mga mas matandang nasa hustong gulang sa isang lugar kabilang ang mga link sa Help at Home at AARP.
- Magkaloob ng kapasidad ng pagsasalin at isama ang mga kaugnay na tagubilin.

PARTNERS City Staff	RESPONSIBLE STAFF Recreation Services, City Manager's Office	TAKDANG PANAHO 6 na Buwan hanggang 1Taon Patuloy	METRIC Kumpleto OO/HINDI
--------------------------------------	---	---	---





Ang isang magiliw-sa-edad na komunidad ay nagtataguyod ng mga aktibidad na sumusuporta sa paggalang para sa mga mas matandang nasa hustong gulang at tulong upang pigilan ang diskriminasyon batay sa edad. Ang pagpapalahok sa mga mas matandang nasa hustong gulang sa komunidad ay hinihimok, at ang mas matandang mga tao ay kalahok sa paggawa ng desisyon na nakakaapekto sa kanila. Ang komunidad ay nag-aalay ng mga aktibidad na pangmaraming henerasyon at mga oportunidad na magtulungan.

“Nararamdaman ko na ang mga mas matandang nasa hustong gulang ay hindi tunay na pinakikilingan.”

MGA RESULTA NG SURVEY

99% ng mga tumugon ay nagmarka sa komunidad bilang mahusay hanggang sa napakahusay sa pagiging isang lugar para sa mga tao upang manirahan habang sila ay tumatanda.



HANGARIN: Magkaloob ng isang nagsasamang kapaligiran na kumikilala at naglilingkod sa iba't ibang populasyon ng lungsod.

MGA ESTRATEHIYA

1 Bumuo ng madaling magamit at abot-kayang mga programa na sensitibo sa iba't ibang mga pangangailangan.

- a. Magsagawa ng imbentaryo ng mga event na kasalukuyang iniaalay, talakayin ang posibleng mga event na pangkultura na kailangang idagdag.
 - i. Makipagtulungan sa ibang mga Organisasyon na Nakabase sa Komunidad ng Daly City upang mag-alay ng mga event sa buong lungsod.
 - ii. Magkaloob ng materyal ng pagtataguyod sa maraming wika.
- b. Gawin ang mga aktibidad na panlipunan na makukuha ng mga namamalagi sa bahay na nakatatanda sa pamamagitan ng pangangasiwa ng personal at online na event sa komunidad.
 - i. Magtatag ng mga binabayaranang programa na nagtatalaga sa mga manggagawa sa namamalagi sa bahay na mga nakatatanda; ang mga pagbisita ay hindi pabagu-bago/patuloy, at ang relasyon ay nabubuo sa paglipas ng panahon.

PARTNERS City Staff Recreation Services Library Medical Centers Non-Profit Organizations Faith Based Organizations Daly City Partnership Community Centers	RESPONSIBLE STAFF City Staff	TAKDANG PANAHO 6 na Buwan hanggang 1 Taon/ Patuloy	METRIC Kumpleto OO/HINDI
---	--	---	---------------------------------------

2 Mag-alay ng mga aktibidad at event na pangmaraming henerasyon upang ang mga kabataan at matanda ay matuto mula sa isa't isa, kabilang ang pagkakaiba-ibang pangkultura.

- a. Lumikha ng online na programa sa pagitan ng mga paaralan at mga sentro ng nakatatanda tungkol sa mga paksang interesado sila.
- b. Hayaan ang mga kabataan na gumawa at maghatid ng mga kard ng pagbati sa mga kalahok na sentro ng nakatatanda.



HANGARIN: Magkaloob ng isang nagsasamang kapaligiran na kumikilala at naglilingkod sa iba't ibang populasyon ng lungsod.

MGA ESTRATEHIYA (ipinagpapatuloy)

MGA PARTNER
Aklatan ng mga
Serbisyong
Panlibangan
Aklatan

**MGA RESPONSABLENG
TAUHAN**
Mga Serbisyong
Panlibangan

**TAKDANG
PANAHOON**
6 na Buwan
Hanggang
1Taon

METRIC
Kumpleto
OO/HINDI

3

Makipag-ugnayan sa mga mas matandang nasa hustong gulang para sa kanilang komento sa mga desisyon na maaaring makaapekto sa kanila.

a. Gawing mas madalas ang sey o nakapokus na grupo sa mga mas matandang nasa hustong gulang.

PARTNERS
City Staff
HOAs
Neighborhood Groups
Recreation Services
Library
Community Centers

RESPONSIBLE STAFF
City Staff

TAKDANG
1 Taon/
Patuloy

METRIC
Kumpleto
OO/HINDI





Ang isang magiliw-sa-edad na komunidad ay nag-aalay ng mga pagkakataon sa pagboboluntaryo at pagtatrabaho para sa mga mas matandang nasa hustong gulang upang manatiling aktibong lumalahok sa kanilang komunidad. Ang transportasyon ay makukuha at nagpapahintulot sa kanila na marating ang kanilang destinasyon sa aktibidad/trabaho ng boluntaryo. Ang paglahok na sibiko ng mga residenteng mas matandang nasa hustong gulang ay hinihimok.

MGA RESULTA NG SURVEY

59% ng mga tumugon ay nagmarka sa komunidad bilang mahusay hanggang napakahusay sa pagkakaroon ng maraming oportunidad ng boluntaryo na mapipili.

“Ang pagboluntaryo sa komunidad ay nagbibigay sa akin ng layunin at pakiramdam ng kapayapaan para sa aking kapakanan.”

DOMAIN 7: **Paglahok na Sibiko at Pagtatrabaho**



HANGARIN: Magkaloob sa mga mas matandang nasa hustong gulang ng mga oportunidad para sa patuloy na paglahok sa komunidad sa pamamagitan ng mga boluntaryong papel o pagtatrabaho.

MGA ESTRATEHIYA

- 1** Ilathala ang mga oportunidad ng boluntaryo gamit ang maraming uri ng format at lugar, kabilang ang website, newsletter, sentro ng nakatatanda, at aklatan o ibang mga sentral na lokasyon ng Lungsod.
 - a. Ang Daly City Partnership (DCP) at ang mga Sentro ng Libangan at Nakatatanda, tulad ng Doelger at Lincoln, ay may malalaking programa kabilang ang mga boluntaryo/volunteers; isaalang-alang ang pakikipagtulungan sa mga paaralan tungkol sa mga oportunidad ng boluntaryo.
 - b. Mag-ayos ng transportasyon kung hindi sila nakakapagmaneho; mag-alay ng maliit na mga bayad sa transportasyon para sa mga gas card at clipper card.

PARTNERS City Staff Recreation Services Non-Profit Organizations Schools Library SamTrans Caltrans Chamber of Commerce Local Businesses Daly City Partnership	RESPONSIBLE STAFF City Staff	TAKDANG PANAHO 6 na Buwan 1 Taon Patuloy	METRIC Kumpleto OO/HINDI
--	--	---	---

- 2** Panatilihin ang mga lider ng Lungsod na may impormasyon tungkol sa mga natatanging pangangailangan/pananaw ng mga mas matandang residente at mangyaring himukin sila na panatilihin ang magiliw-sa-edad na mga salamin kapag sinusuri ang mga patakaran at programa.

- a. IBumuo ng isang Aktibong Komisyon sa Nasa Hustong Gulang/Nakatatanda o Nagpapayong Lupon upang umakto bilang tagapamagitan sa mga lider ng

PARTNERS Konseho ng Lungsod Senior Community Leaders	REASONSABLENG TAUHAN Konseho ng Lungsod	TAKDANG PANAHO 1 Taon/ Patuloy	METRIC Kumpleto OO/HINDI
---	---	---	---

Lungsod o magdagdag ng mga nakatatandang miyembro sa kasalukuyang puwersang tagakilos upang umakto bilang mga tagapamagitan.

DOMAIN 7: **Paglahok na Sibiko at Pagtatrabaho**



HANGARIN: Magkaloob sa mga mas matandang nasa hustong gulang ng mga oportunidad para sa patuloy na paglahok sa komunidad sa pamamagitan ng mga boluntaryong papel o pagtatrabaho.

MGA ESTRATEHIYA (Ipinagpapatuloy)

3 Ilathala ang mga tagatulong sa mga paglalabas ng tungkol sa trabaho para sa mga mas matandang nasa hustong gulang.

- Patuloy na makipagtulungan sa Peninsula Family Services upang ilagay ang mga nasa hustong gulang sa pamamagitan ng kanilang mga programang mga serbisyong pagtatrabaho para sa mga mas matandang nasa hustong gulang; makipagtulungan sa Chamber tungkol sa mga oportunidad.**
- Ipatingin sa mga residente ang CalOpps para sa mga nakalagay na trabaho.**
- Sumangguni sa webpage ng City Human Resources webpage.**
- Maglathala ng mga oportunidad sa trabaho sa mga mas matandang nasa hustong gulang sa Daly Wire/E-newsletter at sa Channel 27; bumuo ng lupon sa trabaho/pagtatrabaho.**

PARTNERS

City Staff
Chamber of Commerce
Peninsula Family Services

RESPONSIBLE STAFF **City Staff**

TAKDANG
PANAHOON
6 na Buwan
hanggang 1
Taon
Patuloy

METRIC
Kumpleto
OO/HINDI



DOMAIN 8:

Suporta sa Komunidad at mga Serbisyong Pangkalusugan



DOMAIN 8: SUPORTA AT MGA SARBISYONG PANGKALUSUGAN



Ang mga komunidad na Magiliw sa Edad ay dapat magkaloob ng abot-kayang akses sa lahat ng antas ng pangangalagang pangkalusugan at mga serbisyong may kaugnayan sa pampigil na pangangalagang pangkalusugan, bilang karagdagan sa pagpapanatili at pagpapanumbalik ng kalusugan. Dapat na nakahanda ang mga doctor, nars, at tauhan ng pangangalagang pangkalusugan upang tugunan ang mga isyung pangkalusugan na holistikong paraan.

“Masuwerte tayo na maraming tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan sa ating lugar, mahirap lang kumuha ng mga appointment kung minsan.”

SURVEY RESULTS

75%

ng mga residente ay nagpalagay na ang Lungsod at mayroong mga maayos na pinananatiling mga ospital at pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan.

73%

ng mga residente ay nagpalagay na labis na mahalaga o napakahalagang magkaroon ng magalang at matulunging mga tauhan ng ospital at klinika.

OVER 90%

ng mga residente ay nagpalagay na mahalagang magkaroon ng maayos na sinanay na tagapangalaga sa bahay at abot-kayang tagapangalaga ng kalusugan.



HANGARIN: Magkaloob ng mga serbisyo at programa na sumusuporta sa kakayahan ng mga mas matandang nasa hustong gulang upang tumanda sa lugar nang may dignidad.

MGA ESTRATEHIYA

- 1** Itaas ang kamalayan sa mga makukuhang tagatulong sa County ng San Mateo.
 - a. Akses at edukasyon sa malusog na pagkain at nutrisyon.
 - i. Ipagpatuloy ang personal na mga programa sa nakatatanda, pantry ng pagkain sa nakatatanda sa Doelger Senior Center, Meals on Wheels, OAA Congregate Lunch Program, at mga programang tulong sa pagkain sa pamamagitan ng Second Harvest.
 - b. Magkaloob at mamahagi ng mga librito ng tagatulong na naglalaman ng mga tagatulong na makukuha ng mga mas matandang nasa hustong gulang.
 - i. Hanbuk ng Impormasyon sa Komunidad: Hanbuk ng Impormasyon sa Komunidad | County ng San Mateo, CA
 - ii. Help at Home Handbook: www.smchealth.org/sites/main/files/file-attachments/hath_web.pdf
 - iii. Filipino Mental Health Initiative: https://www.smchealth.org/sites/main/files/file-attachments/fmhi_handbookjune2008.pdf?1481321158

MGA PARTNER Second Harvest Daly City Partnership Recreation Services Aging and Adult Services Senior	MGA RESPONSABLENG TAUHAN Mga Serbisyong Panlibangan	TAKDANG PANAHO 6 na Buwan/ Patuloy	METRIC Kumpleto OO/HINDI
--	---	---	---------------------------------------

- 2** Panatilihin at itaas ang mga pakikipagtulungan sa nakabase-sa-komunidad na mga organisasyon, mga lokal na klinika, at ospital.
 - a. Itaas ang kamalayan sa akses sa pangangalagang pangkalusugan at pangangalagang dental.
 - i. Magsagawa ng mga fair sa mga sentro ng nakatatanda, bilang karagdagan sa Serramonte Center at Seton Hospital.
 - ii. Makipagtulungan sa Big Smiles upang magkaloob ng libre o murang dentistry sa mga mas matandang nasa hustong gulang.
 - iii. Turuan ang mga mas matandang nasa hustong gulang tungkol sa pagsasanay sa tagabigay ng pangangalaga, akses sa katapusan-ng-buhay na pangangalaga, mga opsyon na telehealth, at angkop-sa-wika na mga serbisyo.
 - iv. Mag-alay ng murang pagsusuring medikal at mga serbisyong walang scam.



HANGARIN: Magkaloob ng mga serbisyo at programa na sumusuporta sa kakayahan ng mga mas matandang nasa hustong gulang upang tumanda sa lugar nang may dignidad.

MGA ESTRATEHIYA (ipinagpapatuloy)

MGA PARTNER Seton Hospital Northeast Medical Services (NEMS) Chinese Hospital Serramonte Center Pilipino Bayanihan Resource Center (PBRC) Bay Area Community Health Advisory Council (BACHAC) Daly City Partnership Schools and Colleges Recreation Services	MGA RESPONSABLENG TAUHAN Mga Serbisyong Panlibangan	TAKDANG PANAHO 1 Taon/ Patuloy	METRIC Kumpleto OO/HINDI
---	--	---	---





Dahil sa inaalala ng komunidad tungkol sa mga lindol, sunog, at baha, ang domain na ito ay isang magandang karagdagan. Ang mga mas matandang nasa hustong gulang na residente ay gustong maghanda at magbawas ng mga negatibong epekto ng isang kalamidad.

MGA RESULTA NG SURVEY

- **Hindi Angkop**

“Kailangan natin ng mga klase para sa pagpapalano sa emerhensiya at kalamidad upang alam natin kung paano maging handa, ano ang kailangan nating ihanda, at saan natin kailangang pumunta.”

HANGARIN: Magturo at magkaloob ng mga workshop para sa mga residente tungkol sa kung paano sila dapat maghanda kung sakaling magkaroon ng kalamidad na tulad ng lindol.



MGA ESTRATEHIYA

- 1
- Magsagawa ng mga event upang magkaloob ng edukasyon tungkol sa paghahanda sa emerhensiya. Mga Sentro ng Komunidad, Kagawaran ng Pulisya at Bumbero.
- a. Pag-ambagin ang mga lokal na negosyo ng mga materyal sa paghahanda sa emerhensiya; mga boluntaryo sa mga pre-assemble backpack.

b. Patulungin ang mga tauhan at tinedyer sa mga residente na magpatala para sa SMC Alert (pampublikong pagpaparehistro; mamahagi ng impormasyon sa paghahanda sa emerhensiya sa elektroniko at papel na mga format sa maraming wika.

i. Tulungan ang mga mas matandang nasa hustong gulang sa pagdaragdag ng mga kontak sa emerhensiya at ibang mahahalagang impormasyon sa mga cell phone.

c. Ang mga Kagawaran ng Pulisya at Bumbero ay makakabisita rin sa iba't ibang kapitbahayan upang talakayin ang kahandaan sa emerhensiya, mga payo sa kaligtasan sa bahay at awto.

d. Pagsasanay sa video at ilagay ito sa website ng Lungsod at isama ito sa Daly Wire/E-News.

PARTNERS Police Fire City Staff Community Centers Schools Local Businesses	MGA RESPONSABLENG TAUHAN Mga Kagawaran ng Pulisya at Bumbero	TAKDANG PANAHOON 1 Taon/ Patuloy	METRIC Kumpleto OO/HINDI
---	--	--	--

- 2
- Itaguyod ang mga kaugnay na programa at aktibidad.
- a. Bumuo ng isang checklist para sa emerhensiya: Ipadala ito sa mga residente ng Daly City dalawang beses bawat taon.

i. Alamin ang sonang tinitirahan nila sa (Genasys, dating Zonehaven)

b. Itaas ang bilang ng mga boluntaryo na nakatala para sa CERT.

c. Muling pag-isipan at pasiglahin ang programang Neighborhood Watch.

i. Bumuo ng Neighborhood Networks: posibleng bumuo ng isang direktoryo ng mga residente na makakatulong sa isang emerhensiya.

d. Ipasya at ilathala sa mga pahina sa web ng Kagawaran ng Pulisya at Bumbero ang mga pasilidad na nakahanda para sa pansamantahalang tirahan.

e. Turuan ang mga residente tungkol sa naunang itinalagang mga pasilidad para sa paglikas, mga araw ng usok, at mga sentro ng pagpapalamig.



HANGARIN: Magturo at magkaloob ng mga workshop para sa mga residente tungkol sa kung paano sila dapat maghanda kung sakaling magkaroon ng kalamidad na tulad ng lindol.

MGA ESTRATEHIYA (ipinagpapatuloy)

PARTNERS Police Fire City Staff Community Centers Schools Library Daly City Partnership Recreation Services	MGA RESPONSABLENG TAUHAN Mga Kagawaran ng Pulisya at Bumbero	TAKDANG PANAHOON 1 Taon/ Patuloy	METRIC Kumpleto OO/HINDI
--	---	---	---

3 Ipatupad ng mga batas sa trapiko at pahasayin ang kaligtasan sa trapiko.

- a. Itaas ang pagpapatupad ng pulis at isama ang teknolohiya upang maayos ang ilang tungkulin upang malampasan ang mga kakulangan sa tauhan.

MGA PARTNER Pulisya	MGA RESPONSABLENG TAUHAN Kagawaran ng Pulisya	TAKDANG PANAHOON 6 na Buwan hanggang 1 Taon	METRIC Kumpleto OO/HINDI
--------------------------------------	--	--	---



Appendix A:

MAGILIW-SA-EDAD NA MGA PROYEKTO NA DAPAT ISAALANG-ALANG

“Ang pagtanda ay tulad ng pag-akyat sa isang bundok; makakaramdam ng kaunting pagkawala ng hininga, pero ang tanawin ay mas maganda!”

-Ingrid Bergman

Daly City Age Friendly Projects 2024-27:

[https://docs.google.com/spreadsheets/d/1](https://docs.google.com/spreadsheets/d/1YrqcVG6JCzumaWsZxUOj1z48NwvklOE4/edit#gid=1800238518)

[YrqcVG6JCzumaWsZxUOj1z48NwvklOE4/edit#gid=1800238518](https://docs.google.com/spreadsheets/d/1YrqcVG6JCzumaWsZxUOj1z48NwvklOE4/edit#gid=1800238518)



Appendix B:

KASALUKUYANG MAGILIW-SA-EDAD NA MGA GAWAIN

Bilang bahagi ng proseso ng Planong Aksyon sa Magiliw-sa-Edad, ang mga panayam ay isinagawa, at ang impormasyon ay tinipon mula sa iba't ibang kagawaran ng lungsod sa Daly City. Sa prosesong ito, ang kasalukuyang magiliw-sa-edad na mga gawain ay tinukoy. Karamihan ng mga kagawaran ay nagpatupad na ng magiliw-sa-edad na mga proyekto para sa lahat ng edad at alam ang kahalagahan ng pagtataas ng kamalayan sa posibleng magiliw-sa-edad na mga proyekto at patakaran.



Magiliw-sa-Edad na mga Serbisyong Panlibangan

Ang Daly City Department of Recreation Services ay para sa serbisyo na Magiliw-sa-Edad.

Ang Lungsod ng Daly City ay naglaan ng pagpopondo ng Panukala A noong 2021 sa ilang kagawaran, at Aklatan at ang Mga Serbisyong Panlibangan ay isa sa mga ito. Ang isang bahagi ng pagpopondo ng Panukala Q (\$500,000) ay inilaan para sa mga serbisyo sa programa sa Akbiong Nasa Hustong Gulang at Nakatatanda. Ang isang panlabas na kasangguni ay kinuha upang tumulong na gabayan ang mga tauhan upang lumahok sa isang proseso para sa paglalaan ng pagpopondo ng Panukala Q.

Ang mga resulta ay dalawang magkahiwalay na grupo ng mga tauhan na gumawa ng batay sa equity, mga desisyon sa pagpopondo na sinusupportahan ng solidong mga datos at ikinasiyang samahan habang lumalahok sa isang mabisa at episyenteng talakayan sa pamamagitan ng mga serye ng mga pulong. Sa pagsusuri ng 8 Domain ng Pagiging Matitirahan, tinukoy ng mga tauhan ang apat na domain na sasailalim sa survey na pinakamahusay na tumutugma sa mga serbisyong panlibangan. Ang mga domain na sumailalim sa survey ay kinabibilangan ng:

MGA PANLABAS NA ESPASYO AT GUSALI

PAGLAHOK NA PANLIPUNAN

PAGGALANG AT PAGSAMANG PANLIPUNAN

SUPORTA AT MGA SARBISYONG PANGKALUSUGAN SA KOMUNIDAD

Magiliw-sa-Edad na mga Serbisyong Panlibangan (ipinagpapatuloy)

Ang Department of Recreation Services ay nagtatag ng isang Hybrid Strategic and Operational Planning na proseso na kabilang ang dalawang cohort. Ang una ay nagsama ng \$25K sa pagprograma at mga pagpapahusay ng programa at pagsasagawa ng isang survey ng libangan mula Abril hanggang Agosto 2022. Ang mga tugon na may kaugnayan sa mga programang kaugnay ng sayaw, fitness/ehersisyo, at mga interaksyong panlipunan. Bilang karagdagan, may interes sa mga serye ng pagluluto at karagdagang kagamitan sa libangan ng nasa hustong gulang.



Ang ikalawang cohort ay nakapokus sa mga salamin ng equity sa pagprograma at mga pagpapahusay ng programa/mga serbisyo. Ang mga pagpapahusay na ito ay humantong sa Mga Gumagabay na Prinsipyo, na kabilang ang pananagutan, pagtuturo upang itaas ang kamalayan at paglahok, paglaban sa paghiwalay, pagpapahusay ng pasilidad, mga pangangailangan sa kalusugan “It takes a village,” at ispesipikong mga pagpapahusay ng sistema.

Sa ilalim ng paksang “Magturo upang Itaas ang Kamalayan at Paglahok,” ang nakabadyet na mga oras ng mga tauhan na gumagamit ng mga pondo ng Panukala Q ay pupunta sa mga lugar ng Lincoln, Bayshore at Gellert. Magkakaroon din ng suportang trabaho para sa pagtanggap at pag-imbita sa mga kalahok na higit sa 50 sa sentro ng Daly City (Mga Resepsiyonista/Mga Serbisyong Pagsasalin). Ang pagkuha ng isang ika-3 Espesyalisa sa mga Serbisyo sa Nakatatanda upang suportahan ang Mga Serbisyo sa mga Aktibong Nasa Hustong Gulang at Nakatatanda ay isinama rin sa plano.

Sa ilalim ng Health Needs, Combating Isolation and Accountability, ang Daly City ay magpapatuloy ng pagpopondo sa bunsod-ng-kontrata na mga klase sa mga pasilidad na panlibangan, nag-aalay ng isang-araw na Daly City Priority Registration. Sa pakikipagtulungan sa Seton Hospital and Serramonte Center, ang programang Walkabout sa Serramonte Center ay ibinalik. Ito ay iniaalay sa mga araw ng Biyernes mula Pebrero hanggang Oktubre. Kabilang dito ang lingguhang paglalakad at mga aktibidad para sa fitness (may isang binabayaranang contract facilitator at pinopondohan sa pamamagitan ng Daly City Recreation Services.), mga buwanang pagsusuri ng presyon ng dugo, at tuwing ikatlong buwan na presentasyon tungkol sa kalusugan ng Talkabout.

May suporta mula sa Second Harvest Food Bank, ang Doelger Senior Center ay may pantry ng pagkain na naglilingkod sa higit sa 204 tao mula sa 105 na sambahayan.

May di-buong mga pagtustos mula sa Older American Act at mga pondo ng County ng San Mateo at Second Harvest Food Bank, ang Congregate Nutrition Lunch Program ay iniaalay ngayon sa apat na magkakaibang lokasyon. Kabilang dito ang Doelger Senior Center, Lincoln Park Clubhouse, Bayshore Community Center at Gellert Park Clubhouse (humigit-kumulang na 230 meal/araw ay tinatayang magsisilbi ng humigit-kumulang na 58,000 meal kada taon). Ang mga meal ay inihahanda rin at pinamuo para sa pantry ng pagkain.



Magiliw-sa-Edad na mga Serbisyong Panlibangan (ipinagpapatuloy)

Ang mga pondo ay inilalaan mula sa Panukala Q para sa Mga serbisyong Panlibangan upang mag-instala ng dalawang fitness court. Ang mga fitness court na ito ay matatagpuan sa Westlake at Lincoln at binuksan noong Oktubre 15, 2023. Bilang karagdagan, ang mga pondo ng Panukala Q ay ginamit para sa pagpapahusay ng pagprograma na tulad ng sayaw, sining, ehersisyo, at mga fitness workshop. May 193 nagparehistro sa Tagsibol at Tag-init ng 2023 at 68 kalahok sa Taglagas ng 2023.

Sa ilalim ng Mga Pagpapahusay ng Pasilidad, ang pera ay ginamit para sa pagbili ng kagamitan tulad ng mga bulletin/display board, muwebles, smart TV, sound system upang magkaloob ng malugod na tumatangap na espasyo. Bilang karagdagan, nagkaroon ng mga pagpapahusay ng sahig, klase at kagamitan na panlibangan tulad ng mga Pool/Billiard table at ping pong table. Ang Daly City ay patuloy na bibili ng kagamitan upang pahasayin ang pagprograma at mga pasilidad.

Sa ilalim ng “It Takes a Village,” ang Daly City, kasama ang ispesipiko sa lugar na mga event sa komunidad, ang Mga Serbisyong Panlibangan ay magbabalik ng pambuong-lungsod na mga espesyal na event sa 2024 kabilang ang:

- **Crab Feed**
- **Craft Fair**
- **Tanghalian ng Pasasalamat sa Boluntaryo**
- **Health & Wellness Fair**

Panghuli, sa ilalim ng Mga Pagpapahusay ng mga Ispesipikong Sistema, magkakaroon ng reception desk na may mga serbisyong pagsasalin. Marami sa mga sentro ay may bilingual na mga tauhan upang suportahan ang pagpaparehistro at magkaob ng impormasyon.

Ang Daly City ay naglilingkod sa maraming mas matandang nasa hustong gulang sa iba't ibang mga programa. Halimbawa, may libreng pagsusuri ng presyon ng dugo bawat Miyerkoles sa pakikipagtulungan sa programa ng College of San Mateo Nursing, at mga klase ng Get Appy Tech Help minsan sa isang buwan sa mga araw ng Huwebes sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa Peninsula Family Services. Isang kalse sa Music Therapy ay iniaalay minsan sa isang linggo sa mga araw ng Miyerkoles sa pamamagitan ng isang gawad na natanggap ng North East Medical Services (NEMS). Ang "In-house" na mga pagtitipon para sa panonood ng mga pang-edukasyon na mga dokumentaryo ay ipinagkakaloob minsan sa isang buwan, at may mga presentasyon sa buong taon mula sa panlabas na mga organisasyon, tulad ng American Stroke Association at County of San Mateo Behavioral Health and Recovery Services. Ang Daly City ay nangangasiwa rin



ng tulong sa buwis ng AARP ang mga workshop na naglilingkod sa mga indibidwal na inaatasang magharap ng mga buwis, na may libreng mga serbisyong paghahanda ng buwis mula Pebrero hanggang Abril. Ang AARP Smart Driver Courses ay iniaalay sa buong taon.

Ang Department of Recreation Services ay nakikipagtulungan sa San Mateo County Aging and Adult Services upang magkaloob ng libreng mga voucher ng farmer's market sa mga mas matandang nasa hustong gulang na naninirahan sa Daly City minsan sa isang taon. Ang mga voucher ay nagkakahalaga ng \$50.00 at magagamit sa alinmang lokasyon ng farmers' market sa mga County ng San Francisco at San Mateo. Bilang karagdagan, ang pagpapayo ng Free Legal Aid ay makukuha mula sa Legal Aid Society tuwing Lunes. Ang ilang kinatawan ay nakahandang sumagot sa anumang mga tanong na pambatas. Ang Daly City ay nagsasagawa ng apat na pambuong-lungsod na pangkulturang event, tatlong espesyal event na pangmaraming henerasyon sa buong lungsod, at maraming event sa komunidad sa iba't ibang mga pasilidad na panlibangan sa buong taon.



Magiliw-sa-Edad na Aklatan

Ang aklatan ay nagkakaloob ng isang sumusuporta at malugod na tumatanggap na espasyo para sa lahat ng bisita sa apat na lokasyon na maginhawa para sa mga residente ng magkakaibang kapitbahayan ng lungsod. Marami sa mga patron ng Daly City ay mga mas matandang nasa hustong gulang, kaya ang mga programa at serbisyo ay idinisenyo upang matugunan ang kanilang mga pangangailangan. Ang mga serbisyo ng tradisyunal na aklatan na tulad ng mga materyal na fiction at nonfiction para sa paghiram, reference at referral para sa mga serbisyo sa komunidad, tulong sa computer, mga magasin, at pahayagan, at isang mainit, maayos na nailawang espasyo kung saan babasahin ang mga ito ay lalong maayos na nagagamit ng mga mas matandang residente sa komunidad.

Para sa mga residenteng iyon na hindi makabisita sa isang aklatan, ang Aklatan ay nag-aalay ng isang Homebound Delivery Service. Ang mga materyal ay ipinakokoreo kapag hiniling sa isang muling nagagamit na pouch na may selyo para sa pagbabalik. Ang Daly City ay may serbisyong pinopondohan ng gawad na tinatawag na ZipBooks, kaya kung gusto ng isang patron ng isang librong wala sa aklatan, ang Daly City ay makakabili nito mula sa Amazon at ipapahatid nang direkta sa kanilang bahay. Ang libro ay ibinabalik kapag ang patron ay nakatapos na rito at idinaragdag sa koleksiyon para magamit ng iba.

Ang Aklatan ay may mga tauhan na nagsasalita ng Mandarin, Cantonese, Espanyol, at Tagalog, bagaman gusto ng lungsod ng mas maraming tauhan. Kung ang isang tauhan ay hindi makatulong sa isang patron sa kanilang wika, maaari nilang kontakin ang ibang mga lokasyon ng aklatan o mga kagawaran ng Lungsod upang makahanap ng isang tauhan na tutulong sa pamamagitan ng telepono. Ang mga materyal ay iniaalay din sa Espanyol, Tagalog, at Tsino.

Ang koleksiyon ng Aklatan ay kinabibilangan ng fiction at nonfiction sa malalaking letra at mga audiobook, na popular sa mga mas matandang patron. Ang EBooks at audiobooks ay makukuha rin; ang mga opsyong ito ay may naiaagpang na laki ng teksto; ang mga aparatong ito ay maaaring mas madali para sa ilang tao na hawakan sa halip ng mabibigat na libro.

Mgailiw-sa-Edad na Aklatan (ipinagpapatuloy)

Makukuha rin online sa pamamagitan ng aklatan ang GetSetUp, isang plataporma sa pag-aaral na panlipunan para sa mga indibidwal na 50+ na may daan-daang live online na mga klase na itinuturo ng mga kapantay na mga eksperto sa kanilang larangan na idinisenyo upang panatilihin ang mga kalahok na aktibo ang isip, katawan, at pakikisalamuha. Ang mga klase ay interaktibo, madali ang pagsali, iniaalay sa araw at gabi, at libre para sa ating komunidad. Ang mga klase ay makukuha sa Ingles, Espanyol, Hindi at Mandarin. Ang tagatulong na ito ay sinusupportahan ng pagpopondong ipinagkakaloob ng Estado ng California, pinangangasiwaan ng California State Library.



Online din, ang mga cardholder ng Aklatan ay makakakuha ng libreng akses sa napakaraming museo at institusyong pangkultura sa buong Bay Area na may Discover&Go ng Aklatan. Ang mga gumagamit ay maaaring gumawa ng pagbabasa batay sa lugar o petsa sa pamamagitan ng online na plataporma at saka i-download/ilimbag ang isang libreng pases.

Ang Aklatan ay may mga computer para sa paggamit ng publiko sa lahat ng lokasyon, kabilang ang mga istasyon na may kagamitan sa scanning at software. Ang Chromebooks at Wi-Fi hotspots ay makukuha rin. Ang mga tauhan ay makatatulong sa mga gawain na tulad ng paghahanap at pagpuno sa mga online form, paglimbag, pag-scan, at paggamit ng mga tagatulong ng aklatan tulad ng e-books, mga tagatulong sa internet at teknolohiya ayon sa kailangan. Ang Bayshore Library ay nagkakaloob din ng isang nakatakdang programa na tinatawag na Basic Computer Skills and Tasks for Adults Ages 55 and Up na nag-aalok ng isang introduksyon sa paggamit ng mga desktop computer, kabilang ang paggamit ng mouse at keyboard, paglalayag sa pagitan ng mga app, at paglikha at paggamit ng isang email account. Ang mga kalahok ay maaaring magpareserba ng 30-minuto na time slot at tumanggap ng indibidwal na atensiyon, sumusulong sa sarili nilang bilis. Ang tulong sa Tagalog o Cantonese ay maaaring hilingin. Ang Serramonte Main Library ay nag-aalok ng isang oras na isa sa isang mga appointment sa mga araw ng Lunes para sa Tech Help; ang tulong na ito ay maaaring para sa isang ispesipikong layunin, tulad ng pagkumpleto ng isang aplikasyon, o mas pangkalahatan, tulad ng kung paano gagamitin ang mga tampok sa kanilang smartphone.

Ang mga tauhan ng aklatan ay nagsasagawa ng pakikipag-ugnayan sa mga event ng Lungsod upang ipagbigay-alam sa mga miyembro ng komunidad ang tungkol sa mga serbisyo at programa. Bilang karagdagan, ang Bayshore Branch Librarian ay regular na dumadalo sa buwanang pulong ng Senior Friendship Club, isang Bayshore neighborhood club. Sa pamamagitan ng organisasyong ito, ang Aklatan ay nakatulong sa pangangasiwa ng Magiliw-sa-Edad na Survey at magharap ng isang dinadaluhan ng marami ng klinika ng istrok sa pakikipagtulungan sa isang tagalabas na organisasyon. Ang isang kinatawan ay regular na bumibisita sa Doelger Senior Center's Congregate Lunch sa pamamagitan ng pagkakaloob ng isang sumusulpot na aklatan para sa mga kalahok at itaguyod ang mga bagong serbisyo at event. Sa pamamagitan ng

Mgailiw-sa-Edad na Aklatan (ipinagpapatuloy)

pagkonekta at pagtatayo ng mga relasyon sa mga miyembro ng komunidad, ang Aklatan ay maaaring bumuo ng mga pagtutulungan at padaliin ang mga programa at serbisyo.

Ang aklatan ay nakikipagtulungan din pana-panahon sa ibang mga organisasyon upang magkaloob ng mga workshop, kabilang ang Pacific Stroke Association, na nagkaloob ng isang klase sa pagpigil at pagkilala sa mga istrok, at sa Renaissance Entrepreneurship Center, na nag-aalok ng iba't ibang mga sesyon sa pagsisimula at pagpapaunlad ng maliit na negosyo.

Ang mga workshop sa negosyo ay hindi inanunsiyo na ispesipiko para sa mga mas matandang nasa hustong gulang, pero ang pagdalo ay patuloy na nakahilig sa mas matandang mga negosyante. Ang mga tauhan ay kasalukuyang nagtatrabaho upang humanap ng isang partner upang mag-alok ng isang sesyon sa Alzheimer's disease, gayon din ng pagpili ng ispesipikong mga paksa para sa bagong klase sa teknolohiya.

Ang Aklatan ay may regular na knitting group sa Westlake Library, at buwanang mga aktibidad sa mga sining at craft sa John Daly Library na idinisenyo para sa mga mas matandang nasa hustong gulang. Kami ay mayroon ding buwanang book club na pinatatakbo ng kalahok na nagtatagpo sa Serramonte Library para sa malalim na talakayan ng piling mga titulo ng fiction at nonfiction. Ang aming mga programa para sa mga bata at pamiya ay may sangkap na pangmaraming henerasyon, na ang mga lolo o lola ay madalas na nagdadala ng kanilang mga apo sa mga event, kabilang ang lingguhang mga oras ng istorya, at kasunod ay paglahok sa aktibidad at pakikisalamuha sa ibang naroon tagabigay ng pangangalaga.

Panghuli, ang Aklatan ay nangasiwa ng Taste of Top of the Hill, isang pagtitipon ng komunidad tungkol sa pagluluto. Ang mga tauhan ay nagdala ng mga pagkain mula sa iba't ibang restawran ng Daly City sa dalawang event ng pagtikim sa John Daly Library. Ang hangarin ay bigyang ningning ang karanasan sa pamamagitan ng pagkain. Sinubok ng mga kalahok ang iba't ibang mga pagkain at nakipag-ugnayan sa isa't isa. Ito ay isang programa para sa maraming kultura, maraming henerasyon na ginawang posible sa pamamagitan ng gawad ng California Humanities' Library Innovation Lab (LIL). Magtutuloy sa dalawang event na pagtikim, ang aklatan ay nangasiwa rin ng isang serye ng mga oras ng istorya na pinamumunuan ng bisita sa magkakaibang wika.





Magiliw-sa-Edad na Pabahay at Pagpapaunlad ng Kabuhayan

Ang Daly City ay nag-aalok na maraming serbisyo sa pabahay at mga programa na pinakikinabangan ng mga mas matandang nasa hustong gulang. Ang Daly City ay may isang kontrata sa Rebuilding Together Peninsula (RTP) upang isakatuparan ang maliliit na pagkukumpuni ng bahay sa mga bahay na pag-aari o inookupahan ng mga residente ng Daly City na may mga sambahayan sa o mas mababa kaysa 80% area median income (AMI). Ang RTP ay magsasakatuparan ng hanggang \$7,500 ng mga karapat-dapat na pagkukumpuni batay sa gawad.

Ang Daly City ay may kontrata sa Habitat for Humanity Greater San Francisco upang magkaloob ng rehabilitasyon ng bahay sa mga bahay na pag-aari at inookupahan ng mga residente ng Daly City na may mga sambahayan na nasa o mas mababa sa 80% AMI. Ang Habitat ay nag-aalok ng mga 1% interest loan na hanggang \$75,000 upang ibayad para sa mga pagkukumpuni.

<https://www.dalycity.org/301/Housing-Rehabilitation-Programs>

May isang kontrata sa Center for Independence of Individuals with Disabilities (CID) upang gawin ang mga pagbabago sa aksesibilidad sa mga bahay na inookupahan ng mga residente ng Daly City na may mga kita na nasa o mas mababa sa 80% AMI. Ang CID ay nagkakaloob ng mga modipikasyon na tulad ng grab bar, wheelchair ramp, at chair lift.

Ang website ng Daly City ay naglalarawan ng iba't ibang mga tagatulong sa bahay at mga serbisyo na makukuha ng mga residente ng Daly City. Kapag ang Lungsod ay tumanggap ng mga tanong tungkol sa abot-kayang bahay, ito ay nagpapadala ng flier na sumasaklaw sa maraming impormasyon.

<https://www.dalycity.org/DocumentCenter/View/6252/2022-AFFORDABLE--HOUSING-resources-PDF?bidId=>

Ang Daly City ay namumuhunan din sa bagong pagtatayo ng abot-kayang pabahay na ipinahihintulot ng pagpopondo. Bilang karagdagan, ang Inclusionary Housing Ordinance ng Lungsod ay nag-aatas na 10% ng mga bagong paupahang yunit ay ilaaan sa mga abot-kayang renta para sa mga sambahayan na may mga kita na nasa o mas mababa kaysa 80% AMI. Ang mga abot-kayang yunit na nalikha sa tulong mula sa Lungsod ay sinusubaybayan taun-taon para sa pagsunod sa mga restriksiyon sa pagiging abot-kaya. Ang mga nakatatanda ay karapat-dapat at malugod na tinatanggap sa lahat ng pagtatayo ng abot-kayang pabahay na pinopondohan o iniaatas ng Lungsod kahit na ang mga yunit ay may restriksiyon sa edad.



Magiliw-sa-Edad na Bumbero at Pulisya

Ang pareho ng mga Kagawaran ng Pulisya at Bumbero ay nagpapalahok sa komunidad at nagkakaloob ng maraming serbisyo sa lahat ng miyembro ng komunidad. Ang Kagawaran ng Pulisya ay madalas na nakikipagtulungan sa mga di-nagtutubo (PBRC, DC Partnerships, PIT, atbp.) para sa mga presentasyon tungkol sa kamalayan sa pandaraya at personal na kaligtasan. Ang mga presentasyong ito ay karaniwang ibinabahagi sa ibang mga grupo ng nakatatanda na kaugnay ng mga pagsisikap ng Bayshore Seniors, Serramonte Center, at saka nakatuon sa pagsuporta sa mga mas matandang nasa hustong gulang sa pamamagitan ng Westlake Senior Center. Pinalalahok din ng Pulisya ang mga kapisanan ng mga may-ari ng bahay, bagaman marami ang nawalan ng traksiyon sa panahon ng COVID. Ang mga tumatakbo pa ring HOA ay patuloy ang presensiya ng Pulisya at pagdalo upang ibahagi ang impormasyon tungkol sa pagpigil at mga datos tungkol sa mga kasalukuyang takbo ng krimen. Ang pareho ng mga Kagawaran ng Bumbero at Pulisya ay madalas na nangangasiwa ng mga event sa komunidad upang kumonekta sa komunidad at magbahagi ng impormasyon.

Ang Pulisya ay may programang Community Watch, na inaayos nila upang gawing pormal ang kanilang mga pagsisikap. Ang Pulisya ay may isang point person na nakakaugnayan ng lider ng HOA/Community Watch nang regular upang matiyak ang isang patuloy na pag-uusap patungo sa mga pangangailangan ng kapitbahayan at mga pinakamahasay na gawain mula sa mga kasalukuyang takbo. Ang Pulisya ay nagsimula rin ng programang pagpigil ng pagnanakaw ng catalytic converter, dahil napag-alaman nila na marami sa nabiktima ay matatanda na nahihirapang pamahalaan ang mga pagkukumpuni o nasa pirmihang kita na may mga limitadong kakayahan. Sa pamamagitan ng programang ito, ang Pulisya ay nagkakaloob ng isang libreng etching sticker upang ikabit sa catalytic converter upang makatulong sa pagpigil at pagbawi. Bilang karagdagan, ang Pulisya ay humihimok ng pagpapatupad ng trapiko at madalas na nagpopokus sa mga paglabag sa tawiran ng naglalakad upang humimok ng ligtas na asal sa pagmamaneho.

Ang Kagawaran ng Bumbero ay nakabuo ng isang listahan ng mga posibleng lugar na maaaring gamitin para sa paglikas, mga sentro ng pagpapainit at pagpapalamig, usok, at mga pagkawala ng kuryente. Ang aktuwal na lokasyon

Magiliw-sa-Edad na Bumero at Pulisya (ipinagpapatuloy)

na pinili ay ibabatay sa iba't ibang mga factor na tulad ng uri ng event, oras ng araw/linggo, dami ng pangangailangan at mga nakahandang tagatulong. Ang ilan sa mga destinasyon ay kinabibilangan ng:

- **Bayshore Community Center (posibleng 5 silid)**
- **Bayshore Community Center (posibleng 4 na silid)**
- **Pacelli Event Center (gym at Merced room)**
- **Larcombe Clubhouse (1 silid)**
- **Gellert Park Clubhouse (1 silid)**
- **Teglia Community Center (1 silid)**

Ang Kagawaran ng Bumero ay nagpokus din sa pagtuturo sa komunidad ng tungkol sa kahalagahan ng maaasahang mga demonstrasyon ng mga maaasahang pantuklas ng usok at pangsugpo ng sunog. Ang Kagawaran ay namahagi rin ng impormasyon tungkol sa pag-asa sa sarili at kung ano ang kailangan upang maghanda para sa isang emerhensiya. Nagkaroon din ng mga kampanya na may kaugnayan sa kung paano papatayin ang gas sa isang bahay. Sa hinaharap, gusto ng kagawaran ng magkaroon ng mga dedikadong edukador sa komunidad upang magpokus sa pakikipag-ugnayan sa lahat ng kapitbahayan.





Magiliw-sa-Edad na Kagawaran ng Tubig at mga Tagatulong sa Basurang Tubig at Kagawaran ng mga Pampublikong Gawain

Ang **Water Rate Assistance Program** ay isang programang tulong na pinopondohan ng Daly City para sa mga serbisyong tubig. Ang pagiging karapat-dapat ay batay sa kita ng sambahayan. Ang maraming taong kwalipikado ay mga mas matandang residente na naninirahan sa komunidad. Ang programang ito ay iniaalok batay sa unang dumating, unang pagsisilbihan. Marami sa mga pangunahing factor ng programa ang nasa ibaba:

- Ang programa ay iniaalok batay sa taon ng pananalapi (Hulyo-Hunyo).
- Ang mga aplikante ay maaaring mag-aplay kahit kailan sa buong taon; gayunman, ang mga aplikasyon ay inaaprubahan batay sa kahandaan ng mga pondo.
- Ang mga aplikante ay dapat na bayad sa kanilang account sa tubig at walang natitirang balanse.
- Ang mga aplikante ay dapat na muling mag-aplay taun-taon at kung sila ay lumipat sa ibang tirahan sa Daly City.
- Ang mga aplikante ay dapat magbigay ng paunawa sa Lungsod sa loob ng tatlung araw kung mawala ang pagiging karapat-dapat ng aplikante para sa programa.
- Ang tulong ay hindi maililipat kasama ng ari-arian o aplikante.
- Ang kabuuang kita ng sambahayan ay dapat na hindi hihigit sa 50% area median income na limitasyon ng County ng San Mateo. <https://www.hcd.ca.gov/grants-and-funding/income-limits/> [state-and-federal-income-rent-and-loan-value-limits](#)
- Ang mga aplikante ay dapat na tumatanggap ng bill sa tubig ng Daly City na nasa pangalan ng aplikante at nagpapakita ng responsibilidad para sa pagbabayad ng mga singil sa serbisyong tubig.
- Ang mga aplikante ay dapat na kasalukuyang naninirahan sa address kung saan ang tulong ay hiniling.
- Ang mga aplikante ay dapat magkaloob ng iniaatas na dokumentasyon na katunayan ng kita kasama ng aplikasyon.
- **Programang Tulong sa Bayad sa Tubig | Daly City, CA**

Magiliw-sa-Edad na Kagawaran ng Tubig at Kagawaran ng mga Tagatulong sa Basurang Tubig at mga Pampublikong Gawain (ipinagpapatuloy)

Ang Kagawaran ng mga Pampublikong Gawain ay nagkumpleto ng maraming proyekto na pinakikinabangan ng mga mas matandang nasa hustong gulang at nagdaragdag sa kalidad ng kanilang buhay. Ang ilan sa mga proyektong nakumpleto ay binabanggit sa ibaba:


- Instalasyon ng panlabas na fitness court sa Westlake Park at Lincoln Park. Ang mga espasyong ito ay idinisenyo upang himukin ang panlabas na aktibidad, araw-araw na pagkilos, at kalusugan ng komunidad. **Westlake Park - Calisthenics Park Daly City, CA - National Fitness Campaign - United States - Spot**
- Polaris Park Rehabilitation Project kabilang ang bagong kagamitan ng palarauan, lugar ng piknik, bakod, at isang istasyon ng pagpuno ng tubig sa bote.
- Proyektong tanawin ng kalye sa Mission Street, na may \$1.2 milyon sa mga gawad na pondo para sa pagpapakalma ng trapiko sa Mission Street sa pinakahilagang bahagi ng Daly City. Ang proyektong ito ay nagsasama ng mga elemento ng kaligtasan ng naglalakad at pagpapaganda ng kalye para sa koridor ng Mission sa pagitan ng Crocker Ave at Templeton Ave. Ang mga pagpapahusay ay tutulong sa Daly City na makamit ang Vision Zero na hangarin ng lungsod na mawala ang mga namamatay at seryosong pinsala sa trapiko. **Konstruksyon Mga Proyekto | Daly City, CA**
- Ang proyektong Central Corridor na may \$2.2 milyon sa mga gawad na pondo para sa pareho ng mga pagpapahusay para sa naglalakad at bisikleta.
- Paggamit ng Community Development Block Grants upang tugunan ang ADA/mga pagpapahusay sa bangketa upang mag-instala ng mga rampa.

Mga proyektong kasalukuyang ginagawa:

- Mga proyektong mabilis na proyekto sa mga interseksyon ng Westmoor Ave at Westridge Ave
- Mga pagpapahusay na Pangkaligtasan sa Southgate Avenue at School Street
- Mga pamantayan sa disenyo ng Vision Zero: **Vision Zero Action Plan | Daly City, CA**
- Daly City Bayshore shuttle: **DALY CITY BAYSHORE SHUTTLE**
- Mga Ligtas na Ruta patuno sa Paaralan
- Mga pagpapahusay sa Serramonte Library Elevator, Pagiging Episyente sa Enerhiya, ADA, HVAC at proyektong pagpapalit ng bubong
- Proyektong John Daly/Skyline Pedestrian Connection: **LUNGSOD NG DALY CITY**
- Proyektong panloob na pagpapahusay ng mga Pasilidad ng Lungsod-ADA
- Proyektong Mga Pagpapahusay sa ADA, Bangketa, at Loteng Paradahan

Appendix C:

LUNGSOD NG DALY CITY



Ang Daly City ay matatagpuan sa timog na hangganan ng San Francisco at ang “Gateway to the Peninsula” at nasa malapit na Silicon Valley. Ang Daly City ay may populasyon na malaki ang pagkakaiba-iba na humigit-kumulang na 94,901, na ang higit sa kalahati ng populasyon ay isinilang sa labas ng bansa. Ito ang ikalawang pinakamaraming tao na lungsod sa County ng San Mateo. Sa kasaukuyan, mga 21% ng ating populasyon ay higit sa edad na 60.

Orihinal na Spanish land grant, ang paglaki ay nagsimula para sa lupang ito sa kanluran ng mga bundok ng San Bruno sa kalagitnaan ng mga taong 1800 sa panahon ng California Gold Rush. Noong 1906 na lindol at sunog sa Francisco, ang populasyon ay mabilis na lumago sa Top of the Hill. Binuksan ni Daly ang kanyang mga farmland sa mga tumatakas sa pinsala, nagkaloob ng mga pang-emerhensiyang tirahan at pagkain mula sa kanyang farmland. Inuna ang paggamit ng lupa para sa paninirahan sa halip ng pag-aalaga ng baka noong 1907, hinati-hati niya ang kanyang ari-arian. Ang isang drayer ay naglabas din ng maraming pansamantalang bahay mula sa mga kampo ng refugee at inilagay ang mga ito sa mga murang lote. Bago lumampas ang 1911, may sapat ng pamumuwersa at suporta upang magsakorporasyon, at ang bagong bayan ay ibinoto papasok sa County. Ito ay pinangalanang Daly City bilang parangal kay John Daly. Pagkaraan ng World War II ang kainaman ang halaga na pabahay ay nagsimula sa Daly City at ibang mga komunidad sa Bay Area. Si Henry Doelger, isang tagapagtayo sa San Francisco, ay bumili ng 600 acre ng lupa, nilikha ang komunidad ng Westlake. Sa huli ay dinoble niya ang kanyang mga pagbili ng lupa. Kasama ng ibang mga tagapagtayo dumating ang libu-libong bahay at mga sentro ng pamimili, kabilang ang Serramonte. Ang Seton Medical Center, isang malawak na ospital, ay orihinal na mula sa San Francisco at ngayon ay isang prominenteng landmark ng Daly City.

Sa naunang dalawang dekada, ang populasyon ng Daly City ay tumaas sa higit 100,000 na ang marami sa pagtaas ay dahil sa iba't ibang mga bagong dating mula sa Asia at Latin America. Para sa mga residente ng Daly City, ang may magandang tanawin na pitong-milyang baybayin ay nakahanda sa publiko. Ang mga kahanga-hangang tanawin ng buong Bay Area at Pacific Ocean ay maaaring maakses sa 2,063 milya ng lupa ng parke ng Mga Bundok ng San Bruno. Ang Merced Golf and

Ang Lungsod ng Daly City (ipinagpapatuloy)

Country Club ay nasa Lungsod na may Olympic Club-Lakeside at San Francisco Golf Club na karatig ng hilagang hangganan nito. Marami ring klase, programa, at pambuong-lungsod na natatangi at pangkulutrang event na iniaalok ng Kagawaran ng mga Serbisyong Panlibangan ng Lungsod. Tatlong distrito ng paaralang elementarya (mga grado K-8) ang naglilingkod sa Daly City: Brisbane, Bayshore, at Jefferson Elementary. May ilang pribado at parochial na paaralan na nakahanda para sa mga residente ng Lungsod, mula sa preschool hanggang graduate school.



Ang Daly City ay may lumalagong sektor ng nagtitingi na may 3.1 milyon na kuwadrangong talampakan ng espasyo sa pagtitingi. Ang tatlong pangunahing lugar ng pamimili sa rehiyon sa loob ng Lungsod ay ang koridor ng pagtitingi sa Mission Street, Serramonte Center, at Westlake Shopping Center. Ang nabubuwisang pagbebenta ng tingi ay kabilang sa pinakamataas sa lahat ng lugar na metropolitan sa county. Ang isa pang napakahalagang aspeto ng ekonomiya ng Lungsod ay ang mga serbisyong medikal nito. Ang Seton Medical Center ay ang pinakamalaking employer ng Lungsod na may higit sa 1,500 empleyado. Ito ay may reputasyon bilang isa sa mga nangungunang pasilidad na medikal sa bansa. Ang isang mas bagong karagdagan sa pangangalagang pangkalusugan, Kaiser Permanente ay may 130,000 kuwadrangong talampakan ng mga tanggapang medikal at malapit sa Interstate 280. Marami sa pag-unlad na pangkabuhayan ng Daly City ay resulta ng bata, sanay na lakas paggawa; gayunman, ang Daly City ay kasalukuyang nagpapakita pa rin ng maraming henerasyon na nagtatrabahong magkakasama sa lakas paggawa. May anim na kolehiyo o unibersidad na nasa loob ng sampung milya, at labindalawa pa ang nasa loob ng 50-milyang radius kabilang ang U.C. Berkeley, Stanford, San Francisco State University, at U.C. San Francisco. Malapit sa kalahati ng lakas paggawa ng Lungsod ay nagtatrabaho sa mga lokal na trabaho.

Reference: <https://www.dalycity.org/760/History-of-Daly-City>

Ang Lungsod ng Daly City (ipinagpapatuloy)

TAON	POPULASYON	PAGLAKI	ANTAS NG PAGLAKI
2024't	95,381	-2,313	-2.37%
2023't	97,694	-2,313	-2.31%
2022	100,007	-1,475	-1.45%
2021	101,482	-3,151	-3.01%
2020	104,633	-2,347	-2.19%
2019	106,980	-767	-0.71%
2018	107,747	-4	0%
2017	107,751	73	0.07%
2016	107,678	78	0.07%
2015	107,600	725	0.68%
2014	106,875	1,214	1.15%
2013	105,661	1,477	1.42%
2012	104,184	1,523	1.48%
2011	102,661	1,205	1.19%
2010	101,456	-2,169	-2.09%
2000	103,625	11,314	12.26%
1990	92,311	13,792	17.57%
1980	78,519	11,597	17.33%
1970	66,922	22,131	49.41%
1960	44,791	29,600	194.85%
1950	15,191	5,566	57.83%
1940	9,625	1,787	22.8%
1930	7,838	4,059	107.41%
1920	3,779	0	0%

<https://worldpopulationreview.com/us-cities/daly-city-ca-population>

* Tala: inaasahan sa mga populasyon ng 2023 at 2024.



APPENDIX D:

PAMAHALAAN NG LUNGSOD


Ang Daly City ay Lungsod ng Pangkalahatang Batas (ang awtoridad ay nakasaad sa Kodigo ng Pamahalaan ng California) at pinamamahalaan ng isang konseho-tagapamahala na anyo ng pamahalaan. Ang limang-miyembrong Konseho ng Lungsod ay naghihirang ng Tagapamahala ng Lungsod. Ang Tagapamahala ng Lungsod ay nangangasiwa sa isang Tagapagpaganap na Pangkat ng Pamumuno sa pagpapatakbo ng walong kagawaran na may humigit-kumulang na 475 tauhan na may taunang tinatayang badyet na \$150 milyon. Ang Konseho ng Lungsod ay namamahalang lupon ng komunidad. Ang Tagapamahala ng Lungsod ay naghahanda ng badyet, kumukuha, nagtatanggal at nangangasiwa sa mga tauhan ng Lungsod, naglilingkod bilang punong tagapayo ng konseho, at nagsasakatuparan ng mga patakaran at prayoridad ng konseho.

Pahayag ng Misyon

Ang Lungsod ng Daly ay nakalaang tumugon sa iba't iba at nagbabagong mga pangangailangan ng mga residente, negosyo, at empleyado. Makakamit nito ang misyon nito sa pamamagitan ng episyenteng paghahatid ng de-kalidad na mga serbisyong munisipal na ipinagkakaloob nang makatao.

Sa hangaring ito, ang Lungsod ay magpupunyaging:

- Tiyakin ang kaligtasan at pangkalahatang kapakanan ng komunidad;
- Panatilihin, pahasayin at paunlarin ang pisikal at estetika na mga aspeto ng komunidad.
- Himukin ang kalusugan ng kabuhayan, pagkabalanse at katatagan ng komunidad.
- Magkaloob ng panlibangan, pangkulura, panlipunan at pang-edukasyon na mga oportunidad para sa mga residente upang pahasayin ang kalidad ng buhay.
- Bumuo at magpanatili ng isang may kakayahang lakas paggawa



Appendix E:


PAGLALARAWAN NG DEMOGRAPIKO

Ang Daly City ay matatagpuan sa County ng San Mateo, California at may populasyon na 94,901 (2024). Ang median age ay 40.6 na taon, 40 taon para sa mga lalaki, at 41.2 taon para sa mga babae.


Lahi: Ang populasyon ng Daly City ay 57.29% Asyano, 19.16% Puti, 3.48% Aprikano Amerikano, at 10.26% Iba. Sa kabuan ng mga Asyano, ang mga Filipino ay bumubuo sa 1 ng 3. Humigit-kumulang na 52% ng populasyon ay isinilang sa ibang bansa. Ito ay mga doble ng antas sa California. May 88,252 na nasa hustong gulang na ang 19,530 ay nakatatanda na may edad na 60 at mas matanda.

Wika: Sa mga residente ng Daly City, 47.64% ay nagsasalita ng mga wika ng Asyano Pasipikong Isla at 32.54% ay nagsasalita ng Ingles lamang. 19.82% ay nagsasalita ng ibang mga wika kabilang ang Espanyol o ibang wikang Indo-European.

DALY CITY LANGUAGES



<https://worldpopulationreview.com/us-cities/daly-city-ca-population>



Appendix F:

INDEX NG PAGIGING MATITIRAHAN

Ang Public Policy Institute (PPI) ng AARP ay nagdisenyo ng mga pamantayan upang tasahin ang mga katangian na magkakaloob ng mataas ang kalidad na buhay para sa iba't ibang mga populasyon ng isang komunidad, sumasaklaw sa lahat ng henerasyon. Ang kanilang pag-iskor ay kinabibilangan ng masalimuot na mga factor ng pagiging matitirahan na isinasama ang pareho ng mga metric value at mga patakaran.

Ang mga iskor ay inilalapat sa sumusunod na 7 kategorya ng pagiging matitirahan. Ang mga halimbawa ng tagapagpabaid ay sumusunod:



PABAHAY: Ang mga gastos sa bahay, kahandaan ng pangmaraming-pamilya na bahay, suporta ng estado sa yunit ng aksesoryang tirahan



KAPITBAHAYAN: Akses sa mga parke at aklatan, antas ng krimen, pagpapaunlad na nagpapahalaga sa pang-estado at lokal na paghahatid



TRANSPORTASYON: Dalas ng serbisyo ng lokal na paghahatid, pagiging nalalakaran, pang-estado at lokal na kumpletong patakaran sa kalye



KAPALIGIRAN: Kalidad ng iniinom na tubig/hangin, mga patakaran ng estado sa pagdiskonekta ng utilidad, antas ng polusyon




KALUSUGAN: Napipigilang antas ng pagpapaospital, akses sa mga pagkakataon sa ehersisyo, pang-estado/lokal na mga batas na walang usok



PAGLAHOK: Index ng paglahok sa lipunan, antas ng pagboto, mga pang-estadong hadlang sa broadband ng komunidad



OPORTUNIDAD: Hindi pantay na kita, mga trabaho kada manggagawa, pagkakaiba-iba ng edad, pagiging angkop sa kredito ng lokal na pamahalaan



(AARP Livability Index, 2022) source: <https://livabilityindex.aarp.org/>

Index ng Pagiging Matitirahan (ipinagpapatuloy)

	Daly City, California	2023 Median US City
Overall Score	59	50
 Housing	49	56
 Neighborhood	70	36
 Transportation	53	45
 Environment	46	59
 Health	77	44
 Engagement	64	45
 Opportunity	56	52

Para sa interpretasyon ng mga iskor, mangyaring sumangguni sa sumusunod na link:

<https://livabilityindex.aarp.org/search/Daly%20City,%20California,%20United%20States#compare>

Appendix G:

PAANO MAKIKINABANG ANG MGA AKTIBONG NASA HUSTONG GULANG MULA SA PANTAY NA PAGLALAHAN NG PAGPOPONDO

Ang Lungsod ng Daly City ay naglaan ng pagpopondo ng Panukala Q noong 2021 sa ilang kagawaran, Aklatan at Libangan. Ang isang bahagi ng Panukala Q ay inilaan para sa mga Aktibong Nasa Hustong Gulang at Nakatatanda. Ang mga grupo ng puwersang tagakilos ay binuo upang lumahok sa isang proseso ng paglalaan ng pagpopondo. Ang dalawang puwersang tagakilos ay itinatag at ang mga ito ay gumamit ng isang inobatibo, pagtuturo ng pangkat na pagharap na kilala bilang Relationship Systems Intelligence (RSI), tinawag na gayon at inakda ng Center for Right Relationship (crrglobal.com) bilang isang konsepto at pamamaraan upang itulak ang mga pangkat mula sa kombensiyonal patungo sa makapangyarihan at emosyonal na nakabatay-sa-intelihensiya na mga proseso ng pagtatagpo at mga paraan ng magkakasamang pagtatrabaho.

Ang estratehikong tanong na dapat sagutin ng mga puwersang tagakilos ay: Ano ang pinakastratehikong paraan upang ilaan ang pagpopondo ng Panukala Q sa loob ng ating mga serbisyong panlibangan na nagsesentro sa equity bilang isang halaga?

Sumangguni sa link sa ibaba para sa impormasyon na may kaugnayan sa prosesong ito at sa mga resulta.

Ang Kapangyarihan at Dunong ng Paggawa ng Desisyon ng Pangkat - Paano Makikinabang ang mga Nakatatanda at Aktibong Nasa Hustong Gulang mula sa Pantay na Pagpopondo.pdf



PAGKILALA

Nais ng Center for Age Friendly Excellence na kilalanin at pasalamatan ang komunidad na lumahok sa survey at mga nakapokus na grupo. Gusto rin naming pasalamatan ang lahat ng miyembro ng puwersang tagakilos ng Daly City na instrumental sa pagkakaloob ng komento at gabay sa pagbuo nitong Magiliw-sa-Edad na Planong Aksyon.

Juslyn C. Manalo

Alkalde

Lungsod ng Daly City

Jennifer Der

Superbisor ng mga Serbisyong

Panlibangan sa Nakatatanda

Lungsod ng Daly City

Janet Bronson

Kasamang Direktor ng HART

Daly City Partnership

Marya Ouro-Gbeleou

Nakatataas na Direktor ng mga

Serbisyo sa Kliyente Daly City

Partnership

Perla Ibarrientos

Tagapangulo ng Lupon

Pilipino Bayanihan Resource Center

(PBRC)

Leilani Ramos

Katulong ng Tagapamahala

ng Lungsod

Lungsod ng Daly City

Phyllis Rizzi

Tagapangulo

Puwersang Tagakiloa ng Magiliw-sa-Edad

na Daly City

Marie Villarosa

Tagapamahala ng Pagpapalaganap at
mga Event

Serramonte Center

Michael Stancil

Tagapagpaganap na

Direktor

Daly City Partnership

Tina Ahn

Direktor

AHMC Seton Medical Center

PAHINA NG TAGATULONG

¹Kinuha noong Enero 8, 2024, mula sa <https://extranet.who.int/agefriendlyworld/who-network/#:~:text=cities%20and%20communities.-,The%20WHO%20Global%20Network%20for%20Age%2Dfriendly%20Cities%20and%20Communities,over%20320%20million%20people%20 worldwide.>

Ang mga ulat sa katangian ng survey at nakapokus na grupo sa Magiliw-sa-Edad na Komunidad sa 2023 ay nakalagay sa website ng Magiliw-sa-Edad na Daly City sa: <https://www.dalycity.org/1062/Age-Friendly-Daly-City>

Elder Index: <https://elderindex.org/>

California Elder Index: <https://healthpolicy.ucla.edu/our-work/elder-index/about-california-elder-index-ei>

World Health Organization. (2007). Global Age Friendly Cities: A Guide. Kinuha mula sa: https://iris.who.int/bitstream/handle/10665/43755/9789241547307_eng.pdf?sequence=1

Pagsusuri ng populasyon ng mundo:
<https://worldpopulationreview.com/us-cities/daly-city-ca-population>